

6

EPP

Teacher's Guide

This Teaching Guide is a work in progress. Despite several rounds of revision and evaluation, this material may still contain some mistakes, errors, duplications or omissions that can be revised and updated to correct learning. DepEd Region VIII welcomes corrections, feedback and recommendations to further improve this Teaching Guide.

We value your feedback and recommendations.

Department of Education – Regional Office No.8
Republic of the Philippines

**EPP– Grade 6
Teacher’s Guide
First Edition 2017
ISBN:**

Republic Act 8293, section 176 states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. DepEd is represented by the Filipinas Copyright Licensed Society (FILCOLS), Inc. In seeking permission.

To use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent not claim ownership over them.

Published by the Department of Education – Regional Office No. 8

Regional Director: Ramir B. Uytico, Ph.D., CESO IV

OIC, ARD: Atty. Rhoan L. Orebia

Pedro T. Escobarte Jr., Ph. D., CESO V – Ormoc City Schools Division Superintendent

Sherlita A. Palma, Ed. D., CESE - Ormoc City Assistant Schools Division Superintendent

DEVELOPMENT TEAM OF THE TEACHER’S GUIDE

Writers: Kharen Alao, Gaudioso Jr. Cañete, Elvira I. Cabahug, Paula Y. Santillan,
Rodolfo Solano, Elvira S. Morpos

Language Editor:

Reviewers:

Uldarico Bojos

Karen Alao

Elvira Morpos

Paula Santillan

Focal Person:

Henrietta T. Managbanag

LRMDS Education Program Supervisor

Printed in the Philippines by _____

Department of Education – Learning Resource Management and Development System (LRMDS)

Office Address : DepEd RO – 8

Ormoc City Division, Narra St., Brgy. Don Felipe , Ormoc City, Leyte

Tel. Number : (053) 561-2284

E-mail : ormocdeped.lrmads@gmail.com

EPP 6
1ST Quarter
(Lesson 1)

I. Batayang Kasanayan:

Naipapaliwanag ang mga kapakinabangang nakukuha sa mga mag- anak at pamayanan mula sa pagtatanim ng puno at mga namumungang puno. (TLE6AG-Oa-1 (1.1.1)
Explains benefits derived from planting trees and fruit- bearing trees to families and community.

Value: Pangangalaga sa mga Punongkahoy

Karagdagang Kaalaman:

Maraming kapakinabangang naidudulot sa mga mag- anak at pamayanan ang pagtatanim ng mga puno at mga namumungang puno.

Mula sa simula pa, ang mga puno ay nagbigay na ng dalawa sa mga mahalalaga sa buhay natin, pagkain at hangin. Hanggang sa pagbabago ng panahon, ito ay nagbigay pa ng karagdagang gamit na naaayon sa ating pangangailangan tulad ng tirahan, gamot, at mga kasangkapan. Ngayon, ang kanilang kahalagahan ay patuloy pang tumaas at higit pang mga benepisyo ng mga puno ay natuklasan upang matugunan ang pangangailangan ng modernong lipunan.

Ang puno ay isang mahalagang bahagi ng bawat komunidad. Ang mga kalye, parke, palaruan at likod- bahay ay may nakahilirang mga puno na lumikha ng isang mapayapang, at nakakawiling kapaligiran. Ang mga puno ay nagpapayaman sa antas ng pamumuhay sa pamamagitan ng pagbibigay ng likas na tirahan ng mga hayop. Nililinis din nito ang mga maruruming hangin na sanhi ng polusyon sa kapaligiran. Higit sa lahat, kung ito ay magiging isang gawaing pangkabuhayan, ito ay makakatutustus sa mga pang- araw- araw na gastusin ng pamilya.

II. Paksang Aralin:

A. Paksa: Kapakinabangang nakukuha mula sa pagtatanim ng puno ang mga namumungang puno.

B. Sanggunian: Batayang aklat

<http://www.savatree.com/whytrees.html>

www.lrmds

BEC PELC 1.1

Umunlad sa Paggawa 6 pahina 46

C. Kagamitan: tsart, mga larawan

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Pagbabalitaan ukol sa kalinisan.

2. Balik- aral:

Sa anong paraan makatutulong ang gawaing pang- agrikultiura upang mapabuti at mapaunlad ang uring pamumuhay at kapaligiran?

3. Talasalitaan/ Paghahawan ng mga balakid:

Sasangga	bagyo	namumungang puno	pamilya
Kapaligiran	produksyon	sariwa	produkto

4. Pagganyak:

Pagpapakita ng mga larawan ng mga puno at namumungang puno

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad

a. Pagbibigay ng pamantayan sa pagbasa

- Bumasa ng tahimik
- Unawain ang binasa
- Magtala ng mahahalagang bagay habang may bumabasa

b. Pagbasa ng Sanaysay

Kahalagahan ng Kasanayan sa Pagtanim

Ang kaalaman at kasanayan sa pagtanim ng puno at namumungang kahoy ay nakatutulong sa pamilya upang madagdagan ang kita at mapangalagaan ang kapaligiran.

Ang pamilya na may taniman ay tiyak na nakatitipid dahil hindi na nila bibilhin ang iba nilang pangangailangang pagkain. Tiyak na sariwa at mataas na uri ang kanilang kakainin dahil sila ang nagtanim. Ang kapaligiran may iba't- ibang puno at namumungang puno ay makabubuti sa ating kalusugan. Ang mga ito ang pipigil sa medaling pag- agos ng tubig at sasangga sa hangin kung may bagyo. Ang pagtanim ay isang paraan ng pagpapalipas ng malayang oras na makatutulong sa kalusugan n gating katawan at maayos na kapaligiran.

Hanapbuhay na maraming Pilipino ang pagtanim ng iba't- ibang uri ng puno at namumungang puno. Madaragdaganang pagkaing panustos sa bansa. Kung mataas ang produksyon, higit na marami ang makikinabang. Bukod sa mura ang halaga, makapagluluwas pa ng produkto sa iba't- ibang lugar ng bansa.

2. Pagtatalakay:

Tanungin ang mga bata:

- a. Anu- ano ang mga kapakinabangana nakukuha sa pagtatanim ng puno at namumungang puno sa pamilya ? sa kapaligiran?
- b. Anu- ano ang mga kabutihang naidudulot ng pagtatanim ng puno at namumungang puno sa pamilya? sa kapaligiran?
- c. Bilang isang kabataan, anu- ano ang iyong magagawa upang makatulong sa iyong pamilya at sa pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

Kapakinabangang nakukuha sa Pagtatanim ng Puno at Namumungang Puno:

1. Nakapagdudulot ng mabuting kalusugan.
2. Maaaring pagkakakitaan.
3. Nakapagbibigay ng magandang halimbawa sa kapwa.
4. Kaakit- akit na tanawin.
5. Nagdudulot ng sapat na panustos sa pagkain.

2. Paglalapat:

Basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Lagyan ng tsek (√) ang bilang na tumatalakay sa mga kapakinabangang nakukuha sa pagtatanim ng puno at namumungang puno sa pamilya at pamayanan. At ekis (x) kung hindi.

- _____ 1. Matitiiyak na sariwa at mataasna uri ang kakainin ng isang pamilya dahil sila ang nagtatanim.
- _____ 2. Ang pananahi ay isang paraan ng pagpapalipas ng malayang oras na makatutulong sa kalusugan n gating katawan at maayos na kapaligiran.
- _____ 3. Hanapbuhay ng maraming Pilipino ang pagtatanim ng iba't- ibang uri ng puno at namumungang kahoy?
- _____ 4. Ang kaalaman at kasanayan sa pagtatanim ng puno at namumungang kahoy ay nakatutulong sa pamilya upang madagdagan ang kita at mapangalagaan ang kapaligiran.
- _____ 5. Kung mataas ang produksyon ng mga alagang hayop, higit na marami ang makikinabang.

IV. Pagtataya:

Mababasa sa ibaba ang mga kapakinabangang nakukuha sa pagtatanim ng puno at namumungang kahoy at kabutihang naidudulot nito sa pamumuhay ng pamilya at kapaligiran namay titik A hanggang E. Basahin din ang mga sitwasyong may bilang 1- 5 sa ibaba at isulat sa sagutang papel ang akmaang titik ng mga kapakinabangan ng pagtatanim na nasasaad sa sitwasyon.

- A. Nakapagdudulot ng mabuting kalusugan
- B. Maaaring pagkakakitaan
- C. Nakapagbibigay ng magandang halimbawa sa kapwa
- D. Kaakit- akit na tanawin
- E. Nagdudulot ng sapat na panustos sa pagkain

- _____ 1. Libangan ni Mang Romy ang magpunla ng iba't- ibang uri ng namumungang kahoy, dahil ditto maraming kapitbahay ang humahanga sa kanyang kasipagan.
- _____ 2. Napakasarap ng mga bungang- kahoy na tanim nina G. at Gng. De la Cruz. Bukod kasi sa malalaki ito ay tunay na kay tatamis pa nito.
- _____ 3. May taniman ng puno at bungang- kahoy sina G. Santos sa kanilang resort. Dahil ditto, nagsilbi itong dagdag atraksyon sa kanilang customer.
- _____ 4. Retiradong pulis si G. Aguilar, sa hapon ng kanyang buhay napagpasiyahan nilang mag- asawa na manirahan na lamang sa kanilang lupain sa Batangas kung saan may mga naglalakihangpuno at nahihitikang mga bungang- kahoy ditto.
- _____ 5. Dahil sa malawak na taniman ni G. Vargas ng mga bungang- kahoy, naisipan na rin nilang magtayo ng tindahan ng prutas sa palengke. Batod niya na malakas ang kikitain ng mga ito.

EPP 6
1ST Quarter
(Lesson 2)

I. Batayang Kasanayan

Natutukoy ang mga matagumpay na tao sa paghahalamanan sa pamayanan o sa mga kalapit na pamayanan. (TLE6AG-Oa-1 (1.1.2))

Identifies successful orchard growers in the community or adjacent communities.

Value: Ang taong matiyaga ay nagkakamit ng biyaya.

II. Paksang Aralin

A. Paksa: Mga Matagumpay na tao sa paghahalamanan.

B. Sanggunian:

- <https://sites.google.com/site/rfo3dagovph/featured/articles/angtagumpaynikatoti>
- <http://www.philstar.com/true-confessions/155008/ka-asyong-konduktor-ng-bus-noon-matagumpay-na-negosyante-ngayon-unang-labas>
- <https://philscatweb.wordpress.com/2017/04/04/kampeon-sa-pagsasaka/>
- <http://ati.da.gov.ph/rtc2/feature/success-story/pagtitiyaga-pagsusumikap-pananalig-sa-diyos-susi-sa-tagumpay-ni-kap-roger>
- akoaypilipino.eu/libangan/libangan/life-style/magsasaka-hari-ng-kabukiran-bayani-ng-bayan.html
- kanayon.blogspot.com/2008

C. Kagamitan: tsart, mga larawan

III. Pamamaraan

A. Panimulang Gawain:

1. Dugtungan ng angkop na mga salita ang mga sumusunod para makabuo ng isang makulay na pangungusap.

- Magtatagumpay ako kung _____.
- Ang biyaya ay mapapasakamay ko kung _____.

2. Balik- aral:


Anu- anong kapakinabangan ang nakukuha sa pagtatanim ng puno at bungang-kahoy?

3. Talasalitaan/ Paghahawan ng mga balakid:

Nananamlay	pagpupunla pinapangarap	inaaruga	
kapaki-pakinabangang	nangangamba	masalanta	umaasa
butihin	alay	parangalan	naturingan

4. Pagganyak:

- Magpakita ng larawan ng isang magsasaka.



(Ka Toti- May- ari sa kauna- unahang *GAP certified corn farm* sa Pilipinas)

- Ipasabi sa mga mag- aaral kung ano ang kanilang nahihinuha sa larawan.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad

a. Pagbibigay ng pamantayan sa pagbasa

- Bumasa ng tahimik
- Unawain ang binasa
- Magtala ng mahahalagang bagay habang may bumabasa

b. Pagbasa ng Tula:

MAGSASAKA- Hari ng kabukiran, Bayani ng bayan
Demetrio Bong Rafanan

Madaling araw pa ng simulan
Malakas na kalabaw ang nasa harapan
Kahit pagod na't pinapawisan
Pag- aararo'y 'di pa rin tinitigilan
Paghahanda sa lupa'y kailangan
Nang mahabol panahon ng taniman

Pagsikat ng araw 'di na hinintay
Kahit katawan ay nananamlay
Sa pagpupunla'y panay at napakahusay
Masipag, mabilis at talaga naming sanay
Pagsasaka'y pinagbubuting tunay
Dahil kabuhayan dito lang nakasalalay

Araw- araw ay nasa kabukiran
Mga pananim ay inaaruga't binabantayan
Kung minsan ay doon na rin nanananghalian
Pinapangarap ang nalalapit na anihan
Isinisiguro pagkain ng sambayan
Maging kapaki- pakinabangang pinagpaguran

Paglipas ng mga araw ay nangangamba
Kinakatakuta'y ang bagyo't baha
Baka mga pananim ay masalanta
Dumadalangin at laging umaasa
kalikasan sana'y laging mapayapa
upang aanihi'y di masayang at mawala

araw na pinakahihintay ay dumating din
para nang may kapistahan sa bukirin
kasama ang mga anak at asawang butihin
pagkahapo't init ng araw 'di na pinapansin
masayang nagsimula anihin
mga pananim alay sa bayan natin

magsasaka tunay kang maasahan
sa bisig mo galing pagkain ng bayan
nagtatrabaho sa bukid para sa mamamayan
sakripisyo't pagpapagod dapat parangalan
haring naturingan ka ng kabukiran
tunay kang bayani ng ating bayan

2. Pagtatalakay:

- Tanungin ang mga bata:

- a. Sino ang tinutukoy sa tula na hari ng kabukiran, bayani ng bayan?
- b. Anu- ano ang mga ginagawa ng isang magsasaka sa kanyang pananim?
- c. Ano ang katangiang dapat taglayin para magtagumpay ang isang magsasaka?
- d. Kung ikaw ay isang magsasaka, ano ang iyong dapat gawin para magtagumpay ka sa iyong paghahalamanan?

- Isulat sa tsart:

Ang pagtitiyaga ay katangiang bihira nang makita sa makabagong panahon. Maraming tao ang naniniwala na ang tagumpay ay higit na nakasalalay sa pagiging nasa tamang lugar sa tamang panahon kaysa pagtitiyaga.

Ang magtiyaga ay nangangahulugan na manghawakang mahigpit at may katatagan sa isang layunin, kalagayan o Gawain sa kabila ng mga hadlang o mga kabiguan. Ipinahihiwatig nito ang patuloy na pagiging matatag sa harap ng kagipitan, nanghawakang mahigpit, hindi sumusuko.

- Magpakita ng kwento tungkol sa isang taong nagtagumpay sa paghahalamanan sa pamayanan o sa kalapit na pamayanan.

1. **Potenciano Larrazabal, Sr.**

Naging matagumpay na tao sa larangan ng pagsasaka. Siya ang nagmamay-ari sa pinakamalawak na lupang sakahan sa Lungsod ng Ormoc. Ang kanyang pagsasaka ay nakatuon sa pagtanim ng tubo. Maraming taon ang kanyang ginugol upang maging bihasa sa pagsasaka. Sa simula, marami siyang nakasalubong na mga problema, ngunit ang tatag ng loob at pananalig sa panginoon ang nagsilbing lakas niya upang mas lalong pag- ibayuhin ang bawat hakbang sa pag- unlad ng kanyang sakahan.

Hanggang sa lumaon ay nadagdagan pa ang kanyang lupain at ginamit niya ito sa pagtanim ng pinakamataas na uri ng tubo kung saan dito siya nakikilala at yumaman. At dahil sa kanyang dedikasyon sa pagtatrabaho at pagiging bukas sa kaalaman, naging pinakamayamang magsasaka sa lungsod ng Ormoc.

2. **Pagtitiyaga, Pagsusumikap at Pananalig sa Diyos, Susi sa Tagumpay ni Kap Roger**

February 25, 2013 - 7:06am by Claris M. Alaska and Ma. Norma G. Maddalora

Isang mapanaliksik at mapursiging tao at tagapagsilbi sa kanyang komunidad, yan si Kap Roger Salvador. Kap ang popular na tawag sa

kanya ng kanyang kabarangay bilang kasalukuyang Punong Barangay ng Arubub, Jones, Isabela. Ang responsibilidad niya sa kanyang pamilya at ang kanyang tungkulin sa simbahan at komunidad ay hindi sagabal kundi naging inspirasyon niya sa kanyang patuloy na pagpupursigi bilang isang matagumpay na magsasaka.

Hindi pa rin nakuntento si Kap Roger sa kanyang kinikita, patuloy siyang nananaliksik ng mga pamamaraan upang madagdagan ang ani at kita. Sinubukan niya ang paggamit ng Bio-N at iba pang seed inoculants sa kanyang mais at nakita niyang malaki ang naitutulong upang tumaas ang ani. Sinusunod din niya ang tamang distansya upang makuha ang nais na populasyon ng kanyang pananim at bilang pamuksa sa mga peste, gumagamit siya ng trichogramma at earwig sa halip na gumamit ng mga kemikal. Ang paggamit niya ng organikong pataba ay nakita din niyang nakababawas sa kanyang gastusin sa kanyang sakahan.

Lahat ng kaalaman niya ay itinuturo din niya sa mga magsasaka sa kanyang barangay. Sa kasalukuyan, mga 90 porsyento na ng mga magsasaka ay sumusunod sa tamang teknolohiya na kayang itinuro at nakitang nagpataas din ng kanilang ani at kita.

Sa mahigit' kumulang na apat na ektarya tinatamnan niya ng mais, mani, gulay at saging, ngayon ay kumikita si Kap Roger ng humigit' kumulang limang daang libong piso (P500,000.00) sa isang taon.

Sa ngayon, maari na sanang huminto si Kap sa pagsasaka dahil ganap ng matagumpay ang kanyang mga anak dahil sa kanyang suporta. Ngunit lalong nagsumikap si Kap Roger na mapaganda ang kanyang sakahan at walang humpay na tumutuklas ng panibagong pamamaraan upang lalong mapataas ang kanyang ani sa mababang gastusin. Siya ngayon ay gumagawa ng sariling organikong pataba sa pamamagitan ng bulate (vermi) gamit ang mga dumi ng hayop at mga pinag-anihan. Kasalukuyan din niyang pinapaganda ang bulubunking parte ng kanyang sakahan upang tamnan ng mga prutas at puno.

Mula sa pagiging ordinaryong magbubukid dalawampung anim na taon ang nakararaan, masasabing isa ng matagumpay na corn-based integrated farmer si Kap Roger. Isa siyang modelo at inspirasyon sa kapwa niya magsasaka kaya't hindi nakapagtataakang, hinirang siya bilang punong barangay na umabot ng limang termino.

Ang kanyang pagtitiyaga, pagsusumikap at pagpupursigi kasama ng pananalig.

3. KAMPEON SA PAGSASAKA

APRIL 4, 2017 PHILSCATWEB LEAVE A COMMENT

Kahit sa murang edad, hindi kailanman nakita ni Engr. Romeo S. Vasquez, 53, ang kanyang sarili sa larangan ng pagsasaka. Ngunit kapalaran na ang nagdala sa kanya sa propesyong ito dahil hindi kailanman niya inakala na siya’y magiging isa sa pinakamatagumpay na entreprenyur sa larangan ng agrikultura.

Salat man sa karangyaan at ang ama’y isa lamang kasama sa bukid, mas pinagtuunan ni Vasquez na makapagtapos ng pag-aaral upang makapaghanap ng mas magandang trabaho malayo sa pagbubungkal ng lupa.

Nang makatungtong sa kolehiyo, nagawa niyang pagsabayin ang pag-aaral habang kalimitang tumatanggap ng typing jobs upang pandagdag gastusin sa eskwela at pambayad sa matrikula. Dahil nga sa pagsisikap, nakapagtapos siya ng Agricultural Engineering sa Central Luzon State University (CLSU) at doon nagsimulang tulungan ang iba pang mga kapatid upang makapagtapos ng pag-aaral.

Mga Sikreto sa kabila ng tagumpay

Para kay Vasquez, diversification ang susi sa matagumpay na pagsasaka. “Huwag tayong makuntento sa iisang kalakal lamang. Kailangan nating mag-isip ng iba pang pagkakakitaan bukod sa tradisyunal na pagsasaka,” bahagi niya.

Kalahati sa 33-ektaryang sakahan na kanyang pag-aari ay tinataniman ng palay at ang natitirang kalahati naman ay gingamit sa pagpoprodyus ng binhi.

Ayon kay Vasquez, maraming pagpipilian upang magtagumpay at maging kampeon sa pagsasaka. Kailangan lamang maging bukas ang isip sa pagtanggap ng makabagong teknolohiya at patuloy na paglinang sa kaalaman para sa mga programang pang-agrikultura.

At ang pinaka-mahalagang susi sa tagumpay ayon kay Vasquez, ay ang pagmamahal para sa sariling larangan. “Kapag mahal mo ang ginagawa mo at nagpursigi ka, sunod-sunod na ‘yan,” wika niya. Patricia P. Bernal

4. Ang Tagumpay Ni Ka Toti

Owner of the first GAP certified corn farm in the Philippines (ni: Ellar John G. Mendoza)

“Walang pera diyan.”

“Mahirap ang buhay niyan.”

“Magsasaka lang yan.”

Mga katagang madalas natin marinig kung ang pinaguusapan ay mga magsasaka. Ngunit alam niyo ba na kahit halos ang mga tao ay maliit ang tingin sa mga magsasaka ay may isang tao na umunlad ang buhay at naging matagumpay dahil sa pagsasaka?

Ito ang kuwento ni Eulogio Valdez Cabiles o mas kilala bilang “Ka Toti.” Ang kanyang kuwento ay gaya ng mga sikat at mauunlad na tao ngayon, na dumaaan sa hirap ng buhay.

Nagmula si Ka Toti sa isang simpleng pamilya mula sa bayan ng San Manuel, Tarlac, pang apat sa anim na magkakapatid at nakapagtapos ng kursong bokasyonal Diesel Mechanic sa Manantan Technical School. Taong 1985, nakipagsapalaran siya sa Mariveles, Bataan at namasukan bilang electrician. Makalipas ang isang taon ay namatay ang ama ni Ka Toti at umuwi siya sa kanyang bayan.

Nahatihati silang magkakapatid sa tatlong ektaryang lupain naiwan ng kanilang magulang at kalahating ektarya ang napunta kay Ka Toti. Sa pamamagitan ng kanyang sipag, tiyaga at pagsusumikap na umasenso, ang kalahating ektarya kanyang namana ay nadagdadagan pa ng isa’t kalahati. At dahil sa mataas na ani at kita sa pagtanim ng mais at palay, nakabili si Ka Toti ng water pump, hand tractor, motorsiklo at owner- type jeep.

Sa kanyang pagsisikap at pagtangkilik sa makabagong pamamaraan nang pagsasaka, ay nahirang bilang Outstanding Corn Farmer sa 2014 National Gawad Saka Awards. Kinilala din siya bilang corn ambassador at farmer-cooperator upang makatulong sa kapwa magsasaka niya sa pagpapalaganap at pagtuturo ng makabagong pamamaraan sa pagtanim ng mais. Nagiging resource speaker at trainor din siya sa mga pagpupulong ng mga magsasaka. Hindi lang sa Tarlac naging matunog ang pangalan ni Ka Toti.

Ang Tipid-Saka Technology o Zero Tillageay paggamit ng paraang dibble method sa pagtanim na kung saan itinutusok lang sa lupa ang buto ng mais gamit ang farmalite at hindi binubungkal ang lupa. Kasabay ang paglalagay ng organikong pataba bilang basal fertilizer bago itanim ang mga buto. Sa loob ng tatlong taon na ginawa niya ito ay nakakapag-ani siya ng humigit kumulang 16 tonelada ng mais kada ektarya.

Bukod sa pagtanim ng mais, palay, at gulay ay nag-aalaga rin ng baka, kambing, tupa at native na manok upang itaguyod ang kahalagahan ng Integrated Farming. Nagagamit rin niya sa taniman ng gulay ang dumi ng baka, kambing at mga manok bilang pataba.

Kamakailan lang ay nagawaran ng Good Agricultural Practices (GAP) certification ang taniman ng mais ni Ka Toti. Siya ang kauna-unahang corn farmer na nakakuha ng sertipikasyon mula sa Kagawaran Ng Pagsasaka.

“Tatlong bagay na tumulong sa akin upang makamit ang tagumpay na ito. Una, ang kahalagahan ng kasipagan. Maniwala kayo: walang masipag na nagugutom. Walang masipag na hindi umuunlad.

Ikalawa, ang paniniwala sa sarili. Kung hindi ka maniniwala sa sarili mo, sino ang maniniwala sa iyo? Kaya dapat, maniwala ka sa sarili mo na magagawa mo ang lahat at walang imposible. Ikatlo at panghuli, ang pagmamahal sa kung ano ang gusto mong gawin sa buhay. Ako, gusto ko ang pagsasaka. Kaya minamahal ko ang pagsasaka. At bilang ganti, minamahal din ako ng pagsasaka. Kaya naman nakakamit ko ang lahat ng ito.” tuwang sambit ni Ka Toti.

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

Napakalawak at sobrang laki ang naiambag ng ating mga magsasaka sa komunidad, sa ating bansa at sa buong mundo, kaya nararapat lamang na bigyan natin sila ng pagpupugay at halaga bilang kapalit ng kanilang pagpapakahirap sa kabukiran.

2. Paglalapat:

Pangkatina ang klase sa 3, bigyan ng tig- isang kwento ng matagumpay na tao at ipaliwanag sa dalawang pangungusap ang kanilang ginawa upang magtagumpay sa paghahalamanan.

IV. Pagtataya:

Ipasagot sa mag- aaral ang mga sumusunod.

Sabihin kung sinong matagumpay na tao sa paghahalamanan ang tinutukoy sa tanong. At isulat sa patlang ang tamang sagot.

- _____ 1. Siya ay yumaman at naging milyonaryo sa pagtanim ng tubo.
- _____ 2. Siya ay naniniwalang “walang masipag na nagugutom. Walang masipag na hindi umuunlad.”
- _____ 3. Para sa kanya, diversification ang susi sa matagumpay na pagsasaka. “Huwag tayong makuntento sa iisang kalakal lamang. Kailangan nating mag-isip ng iba pang pagkakakitaan bukod sa tradisyunal na pagsasaka,” bahagi niya.
- _____ 4. Siya ay isang matagumpay na corn-based integrated farmer.
- _____ 5. Sino ang gumamit ng Tipid-Saka Technology o Zero Tillageay paggamit ng paraang dibble method sa pagtanim na kung saan itinutusok lang sa lupa ang buto ng mais gamit ang farmalite at hindi binubungkal ang lupa?
- _____ 6. Sinong magsasaka ang hindi nag- atubiling magbigay ng kaalaman at tumulong sa kanyang kapwa magsasaka?

V. Takdang- aralin:

Mag- interview sa pamayanan ng isang taong nagging matagumpay sa paghahalamanan.

Bigyan diin ang kanyang katangiang ipinamalas para makamit ang tagumpay.

EPP 6
1ST Quarter
(Aralin 3)

I. Batayang Kasanayan:

Nagagamit ang teknolohiya sa pagsagawa ng pagsisiyasat tungkol sa mga elemento na dapat tandaan sa pagtatanim ng puno at namumungang- kahoy. (TLE6AG-Ob-2 (1.2.1))

Uses technology in the conduct of survey to find out the elements to be observed in planting trees and fruit- bearing trees.

Value: Pangangalaga sa mga Punongkahoy
--

II. Paksang Aralin:

A. Paksa: Mga Elemento na dapat tandaan sa Pagtatanim ng puno at namumungang- kahoy.

B. Sanggunian: Grade 4 TG

<https://barquera.wordpress.com/2012/08/25/tula-ang-punong-kahoy/>

C. Kagamitan: tsart, mga larawan

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Pagbabalitaan tungkol sa kahalagahan ng pagtatanim.
2. Balik- aral:

Anu- ano ang mga dapat tandaan upang magtagumpay sa larangan ng pagtatanim ng mga puno at namumungang- kahoy?

3. Talasalitaan/ Paghahawan ng mga balakid:

yanigin	karayom	kumawala	kumpol
nakausli	baging	makisig	lilim

4. Pagganyak:

- Tanungin ang mga mag-aaral kung may pagkakatulad sa katangian ang mga PUNO at ang mga TAO.
- Isulat ang mga sagot sa pisara.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad

- a. Pagbibigay ng pamantayan sa pagbasa
- Bumasa ng tahimik
 - Unawain ang binasa
 - Magtala ng mahahalagang bagay habang may bumabasa
- b. Pagtatalakay sa Karagdagang kaalaman

Tula : Ang Punong Kahoy

Agosto 25, 2012barquera

Makikita mo ako'ng nakatayo kahit saan
Sa gubat, burol o maging sa kapatagan
Minsan ako'y payat at maliit
O di kaya naman mataas at malaki

Tila mga braso na nakadipa
ang aking mga sanga
Di napapagod mapag lambitinan
ng ibat-ibang hugis ng dahon at bunga

Hindi man pantay ang aming laki
At iba't iba man ang aming uri
Yanigin man kami ng hangin
Sa lupa pa rin ang aming tingin

Madalas akong nilalaro ng hangin
na tila nag papahabol sa akin
Ang huni ng ibon ang aking musika
Magpalipat- lipat man sila sa aking sanga

Ang sikat ng araw ay tila karayom
na tumutusok sa' king balat at dahon
Sinag mo'y gustong kumawala
sa kumpol ng dahon
upang makahalik sa lupa

Kinikiliti ang balat at naka usling ugat
ng mga damong sa parang nagkalat
Yumayakap ang baging sa aking katawan
ibang uri ng halaman dumdikit naman

Ang aking katawan, matangkad at makisig
Nag aanyayang abutin ang aking bisig
Sa sikat ng araw sa lilim ko ika'y kukubli
upang iyong balat ay di mag-hapdi

Ako'y punong kahoy na iyong kailangan
Mahalaga sa iyong kapaligiran
Samo koy huwag pabayaang
Na ako'y maubos sa kagubatan.

2. Pagtatalakay:

A. Tanungin ang mga bata:

- a. Bakit pinamagatang Punong Kahoy ang tula?
- b. Ano ang nilalaman ng binasang tula?
- c. Anu- ano ang dapat mong tandaan upang masigurong malusog na yayabong ang mga puno sa paligid?
- d. Anu- ano mga elemento/ sangkap upang tutubo ng malusog ang mga puno at mga namumungang- kahoy?
- e. Sa anong kadahilanan, bakit kailangang pahalagahan ang mga puno at ibang pang namumungang- kahoy sa kapaligiran?
- f. Bilang isang mag- aaral, ano ang magagawa mo upang mabigyan ng ibayong proteksyon at pangangalaga ang mga puno na siyang nagbigay sa atin ng malinis na hangin at nakawiwiling tanawin?

B. Isulat sa tsart:

Nangangailanganng masusing pag- aaral ang makabagong pamamaraan ng pagtatanim ng mga puno at namumungang- kahoy. Maaaring isagawa ang mga pag- aaral sa pamamagitan ng *survey*. Isinasagawa ang survey upang matamo ang mga bagay na dapat malaman. Maaaring gumamit ng internet upang makapagsaliksik ng mga bagong kaalaman. Ngunit, ang dapat na unang hakbang ay ang pagkakalap ng mga kaalaman tungkol sa element na dapat tandaan sa pagtatanim ng puno at namumungang- kahoy. Sa pamamagitan nito, maraming mga kaalaman sa paghahalaman ang matutuhan natin.

Ang dami at kalidad ng paglago ng mga puno at namumungang- kahoy ay nakasalalay sa kanilang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng kanilang *genetic potential* at ang nakapaligid nito sa itaas at ilalim ng lupa kung saan sila ay lumalaki. Ang pangunahing pangangailangan para sa paglago ng halaman ay kinabibilangan ng sapat na espasyo para sa paglago ng ugat at dahon, sapat na sikat ng araw, tubig, carbon dioxide, at mineral mula sa lupa, at temperaturang angkop para sa mga mahahalagang pisyolodyikong mga proseso.

SAPAT NA ESPASYO

Sapat na espasyo para lumago ang mga dahon at tumayog ang mga sanga ay isang pangunahing kinakailangan para sa mga puno at malalaking *shrubs*. Kinakailangan din ang espasyo para magkaroon ng sapat na distansiya sa mga sasakyan, kung ang puno ay nakatanim sa gilid ng kalsada. Mahalaga din ito

para sa paglago ng mga ugat at tuluyang yayabong ang mga sanga nito. Marami sa mga problema na kaugnay sa pagkaubos ng mga puno sa lungsod ay maaaring maiugnay sa kakulangan sa dami ng lupa. Ang mga ugat ang siyang responsable para sa sangkap sa daluyan ng tubig at mineral, imbakan ng enerhiya at iba pang mahalagang *organic compounds*, at higit sa lahat ito ay nagsilbi tibay sa puno. Kung ugat ay limitado sa paglago, ang mga mahalagang mga proseso at mga gamit nito ay pinababagal o pinahihina, kaya, maaaring magiging simula ito sa panghihina at tuluyang pagkamatay ng mga puno.

SAPAT NA SIKAT NG ARAW

Ang malulusog na paglago ng mga puno ay nangangailangan ng enerhiya, at sa pamamagitan ng proseso ng *photosynthesis*, ang mga dahon ng mga puno ay nakakukuha ng enerhiya mula sa liwanag ng araw at isinalin ito sa natutunaw na *carbohydrates* (arina at asukal). Kaugnay nito, ang mga natutunaw na *carbohydrates* ay ipinadadaloy sa lahat ng bahagi ng puno upang matugunan ang mga kakailanganing enerhiya. Ang mga puno ay masusing iniuugnay sa angkop na lokasyon upang mabigyan ng sapat na pangangailangan sa sikat ng araw.

SAPAT NA TUBIG

Ang sapat na halaga ng tubig ay napakahalaga para sa paglago ng puno at sa pagpapanatili ng mga mahahalagang proseso nito. Sa katunayan, walang organikong proseso ang mangyayari sa kawalan ng tubig. Ngunit, ang mga puno ay malamang na magdusa higit pa mula sa kakulangan ng sapat na tubig kaysa mula sa anumang iba pang mga dahilan. Kahit sa alinman sa kakulangan sa tubig o masyadong maraming tubig ay itinuturing na pangunahing dahilan ng kamatayan para sa mga bagong nakatanim na puno.

CARBON DIOXIDE

Ang kapaligirang nakapalibot sa puno ay kadalasan di nabibigyan ng sapat na atensyon. Ngunit, ang paglago nito ay hindi maaaring mangyari nang walang *oxygen* na kung saan ay napakahalaga para sa paghinga (ang proseso ng puno na kung saan ilalabas ang enerhiya na naka-imbak), at *carbon dioxide* na kung saan ay kinakailangan para sa *photosynthesis*. Madalas ang mga lupa sa urban ay kulang sa *oxygen*. Sa matinding kaso, mga puno ay maaaring mamatay bigla mula sa kakulangan ng *oxygen* ang lupain. Higit pa sa karaniwan, ang hindi maganda uri ng lupa ay unti-unting maglantad ng iba pang mga problema sa pagpapatubo ng mga puno.

MINERAL MULA SA LUPA

Ang usat ay siyang responsable sa pagsisipsip ng mineral mula sa lupang pinagtamnan. Ito ay isang mahalagang elemento para sa *biological function* ng isang puno. May mga 16 na napakahalagang mineral para sa normal na paglago

ng puno, ang *macronutrients* (hydrogen, carbon, oxygen, nitrogen, potassium, calcium, magnesium, posporus, at sulfur) o *micronutrients* (molibdenum, tanso, sink, manganeso, bakal, boron, at kloro).

ANGKOP NA TEMPERATURE

Mataas na temperatura ay nakasasama para sa paglago ng maraming puno sapagkat ang antas ng kanilang *photosynthesis* ay magsisimula kung ang temperature ay aabot na sa kritikal. Mahirap tukuyin ang isang kritikal na mataas na temperatura para sa mga puno dahil ito ay nakaayon sa anong uri ng puno.

C. Maghahanda ang guro ng isang survey ng bawat pangkat upang maging matagumpay ang pananaliksik gamit ang internet.

Pangalan ng Puno	Uri ng Puno Namumungang- kahoy o Di- namumungang- kahoy	Mga element/ sangkap upang tutubo	Paraan ng pagtanim/ pag- aalaga	Lugar kung saan dapat itanim
Mahogany				
Mangga				
Gemilina				
Nlyog				
Saging				

D. Pagsasanib:

ICT → *web surfing*

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:


Dapat natin tandaan na napakaraming puno at namumungang- kahoy na maaaring patubuin, ngunit dapat na isaalang- alang ang tama at sapat na elemento at sangkap sa pagtanim nito upang tutubo ito ng malusog at matibay.

Upang maging madali at mabilis ang pagsu- survey ng kahit na anong puno, gamitin ang *computer* upang makatulong sa pagsasakaturpan sa mga ito. Maaaring mas makikilala ang mga puno kung makikita ito sa internet.

2. Paglalapat:

Pabuuin ang mga bata ng salita sa bawat kahon. Papiliin ng sagot sa loob ng kahon:

tubig	temperatura
mineral	liwanag sa araw
Carbon Dioxide	espasyo



IV. Pagtataya:

Magpasulat sa bawat kasapi ng pangkat ng isang maikling sanaysay tungkol sa isinagawang pagsu- survey. Ipaliwanag ang kahalagahan ng *computer* sa isang matgumpay na pananaliksik tungkol sa element na dapat tandaan sa pagtatanim ng puno at namumungang- kahoy.

V. Takdang- aralin:

Pahanapin ang mga mag- aaral sa kanilang pamayanan ng isang namumungang- kahoy na may mura pa ang sanga at may matigas na sanga. Alagaanang mga ito at subukang gamitin na material sa pagtatanim. Ipasulat ang resulta kung ito ay tutubo o hindi makalipas ang ilang araw. Ipabahagi sa klase ang naging resulta.

EPP 6

Aralin 3 1st Quarter

- I. Layunin:** Nakikilala ang mga hayop na dapat alagaan o paramihin bilang isang alternatibong pinagkukunan ng kita ng isang pamilya (hal. Kambing, baboy, isda) **(TLE6AG-0i-10)**
(Identifies animals/s to be raised as an alternative source of income of the family (ex. goat, hogs, fish))

Pagkamasikap

II. Paksang Aralin:

Paksa: Pagkilala sa mga hayop na dapat alagaan o paparamihin bilang isang Alternatibong pinagkukunan ng kita ng isang pamilya (hal. kambing, baboy, isda)

Sanggunian: Curriculum Guide Grade 6 p.35, EPP4AGRI-p.427, Google Images

Kagamitan: laptop, projector

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

Pagsasanay

Basahin ang mga sumusunod namga hayop. Kilalanin at biulgan ang mga hayop na maaring maalagaan: (10-15 na mga hayop)

1. Baboy	9. ibon
2. Manok	10. karpa
3. Kambing	11. kuneho
4. Aso	12. baka
5. Pusa	13. daga
6. Palaka	14. butiki
7. Ahas	15. isda
8. langgam	

Balik-Aral

Magtanong sa mga mag-aaral tungkol sa napag-aralan kahpon
Pagtsek ng kasunduan

Pagganyak

Itanong:

Kung magkano na ang mga presyo ng mga hayop/isda sa pet shop o s merkado

B. Panlinang na Gawain:

Paglalahad

Maraming kabutihan ang naidudulot sa pag-aalaga ng hayop sa tahanan. Ito ay nakabubuti sa ating kalusugan dahil naka-aalis ito ng *stress at nakapagpababa ng dugo*.

Pagtatalakay

Ang alagang hayop sa tahanan ay maituturing na isang magandang kasama sa bahay. Kung ang mga alagang hayop ay pinararami, ito ay maaaring maipagbibili upang makdagdag kita sa pamilya.

Pagpapalalim sa Kaalaman:

Gawin Natin: (Group Activity)

1. Pumili ng mga aalagaang hayop at iguhit ito sa papel.

Lagyan ng pangalan at sabihin kung bakit mo ito nagustuhan.

- | | |
|----------|----------|
| 1. _____ | 4. _____ |
| 2. _____ | 5. _____ |
| 3. _____ | |

2. Paano ito makakatulong sa pangangailangan ng inyong pamilya?

- | | |
|----------|----------|
| 1. _____ | 4. _____ |
| 2. _____ | 5. _____ |
| 3. _____ | |

Paglalahat:

Ang alagang hayop sa tahanan ay maituturing na isang magandang kasama sa bahay. Kung ang mga alagang hayop ay pinararami, ito ay maaaring maipagbibili upang makdagdag kita sa pamilya.

Pangwakas na Gawain:

Itanong:

1. Bakit mahalaga ang pag-aalaga ng mga hayop/isda sa ating tahanan?
2. Anu-ano ang kabutihang dulot sa pag-aalaga ng hayop/isda sa tahanan?

IV. Pagtataya:

Lagyan ng **(v) tsek** kung ang mga alagang hayop ay nagsasaad bilang alternatibong pinagkukunan ng dagdag kita sa pamilya at **(x) ekis** naman kung hindi.



_____ 3.



_____ 4.



_____ 5.



V. Takdang-Aralin:

Punan ang hinihingi na datos sa ibaba ayon sa mga hayop na inaalagaan ng inyong kapitbahay.

Hayop	Lahi ng hayop	Bilang ng hayop	Pagkain	Prudokto na maibibigay	Kikitain kapag ipinagbibili
1.					
2.					
3.					
4.					
5.					
6.					
7.					
8.					
9.					
10.					

EPP 6
1ST Quarter
(Aralin 4)

I. Batayang Kasanayan:

Nakasusunod sa panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasan kaugnay sa pagpaparami ng mga namumungang- kahoy. (TLE6AG-Od-5 (1.5.3))

Observes healthy and safety measures in propagating fruit- bearing trees.

Value: “May lugar para sa lahat ng bagay at ang lahat ng bagay ay nasa kanyang lugar”?

II. Paksang Aralin:

A. Paksa: Mga Panuntunang Pangkalusugan at Pangkaligtasan sa pagpaparami ng mga namumungang- kahoy.

B. Sanggunian:

- <http://homeguides.sfgate.com/safety-precautions-planting-32605.html>
- <https://nagpayongelemseppv.wordpress.com/agriculture/mga-panuntunang-pangkalusugan-at-pangkaligtasan-sa-paghahalaman/>

C. Kagamitan: tsart, mga larawan

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Ipabasa ang mga nakasulat sa tsart.

Ligtas maingat makaiwas angkop

2. Balik- aral:

Ano ang ibig sabihin ng kasabihang

“May lugar para sa lahat ng bagay at ang lahat ng bagay ay nasa kanyang lugar”?

3. Talasalitaan/ Paghahawan ng mga balakid:

ninanais kayamanan sulok pinakadakila

4. Pagganyak:

Pagpapakita ng mga larawang nag- iingat sa pagpaparami ng namumungang- kahoy.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad

- a. Pagbibigay ng pamantayan sa pagbasa
 - Bumasa ng tahimik
 - Unawain ang binasa
 - Magtala ng mahahalagang bagay habang may bumabasa
- b. Pagbasa ng Sanaysay:

Ang Tatlong Punong Nangarap

October 21, 2014 lablaborteen maikling kwento, tagalogang tatlong punong nangarap, kwento, maikling kwento, tagalog

Noong unang panahon ay may tatlong punong nabubuhay sa isang burol sa kagubatan. Nag-uusap-usap sila tungkol sa kanilang mga ninanais at pangarap sa buhay. Wika ng unang puno: “Balang araw, ibig kong maging baul na taguan ng mga kayamanan. Maaari akong mapuno ng mga ginto, pilak at iba’t ibang mamahaling bato. Dedekorasyonan at uukitan ako ng magagandang disenyo, at hahangaan ako ng lahat dahil sa aking kagandahan.”

Pahayag naman ng ikalawang puno: “Ako ay magiging Malaki at matibay na barko. Isasakay ko ang mga makapangyarihang hari at reyna. Lalakbayin naman ang lahat ng sulok ng daigdig. Ipagmamalaki ako ng lahat dahil magiging ligtas sila sa akin. Matibay ako at matatag.”

Ang ikatlong puno nman ang nagsalita. “Gusto kong maging pinakamataas at pinakatuwid na puno sa kagubatan. Pagmamasdan ako ng mga tao mula sa tuktok ng mga gulod at titingalain ako. Makikita nila ang aking mga sanga, at maiisip kung gaano ako kalapit sa langit at sa Panginoon. Ako ang magiging pinakadakilang puno sa lahat ng panahon. Hindi ako malilimutan ng sanlibutan dahil dito.”

Matapos ang ilang taon ng pagdarasal, isang pangkat ng mga mangangahoy ang dumating sa kanilang lugar. Lumapit ang isa sa kanila sa unang puno at sinabi: “Mukhang matibay ang punong ito, maibebenta koi to sa isang karpintero.” At sinimulan niya itong putulin. Naging masaya ang pino sapagkat inaasahan niyang gagawin siyang baul ng kayamanan ng karpintero.

Samantala, sinabi ng isa pang mangangahoy sa ikalawang puno: “Mukhang matibay at matatag ang isang tao. Ipagbibili koi to sa pagawaan ng barko.” Naging rin ang ikalawang puno sapagkat alam niyang siya ay magiging isang Malaki at makapangyarihang barko na.

Nang ang grupo ay napalapit na sa ikatlong puno, natakot siya, Alam niyang kapag siya ay pinutol nila, hindi na matutupad ang kanyang pangarap:

Wika ng isa: “Wala naman akong masyadng kailangan sa mga puno, kaya pwede na sa akin ito.” At pinutol niya ang ikatlo.

Nang dumating ang unang puno sa mga karpintero, kaagad siyang ginawang kakanan ng mga hayop. Inilagay siya sa isang kural at tinambakan ng mga dayami. Hinding-hindi iyon ang kanyang ipinagdasal! Ang ikalawang puno ay pinutol din at ginawang isang maliit na bangkang pangisda. Ang pangarap niyang maging makapangyarihan at matibay na barko ay naglaho na! Ang ikatlong puno ay hinati-hati rin sa mahahabang piraso at iniwan na lamang sa isang madilim na sulok. Lumipas pa ang maraming mga taon at nalimutan na nila ang kanilang mga pinangrap.

Hanggang isang araw, may isang lalaki at babaeng pumasok sa kural. Nagsilang ang babae ng isang sanggol na lalaki. Inihiga ito sa isang kakanan ng hayop na may mga dayaming nakatambak. Ibig sana ng lalaking igawa siya ng isang krib subalit maaari na rin ng pangyayaring ito. Alam ng unang puno na nakahiga sa kanya ang pinakadakilang kayamanan habang panahon.

Pagkaraan pa ng ilang taon, isang pangkat ng mga lalaki ang sumakay sa maliit na bangkang pangisda mula sa ikalawang puno. Ang isa sa kanila ay nakatulog dahil sa labis na pagkapagod. Habang sila ay naglalayag, nagkaroon ng malakas na unos. Hindi inisip ng puno na makakaya niyang proteksyunan ang mga sakay niya. Ginising ng mga lalaki ang kasamang natutulog. Bumangon naman siya at sinabing, “Kapayapaan!” At tumigil ang unos. Sa sandaling iyon, alam na ng ikalawang puno na naisakay na niya ang Hari ng mga Hari!

Sa wakas, may lumapit sa ikatlong puno. Pinasan ito ng isang lalaki at lumakad sa mahabang daan. Pinagtawanan at hinamak ang lalaki ng mga taong nadadaan. Nang tumigil na sa kalalakad, ipinako siya sa puno at itinaas, pinabayaan siyang mamatay sa itaas ng burol. Nang dumating ang araw ng Linggo, napagnilay-nilay ng ikatlong puno na siya ay may angking katatagan upang maging malapit sa Panginoon sapagkat si Hesus, ang Anak ng Diyos ay namatay sa kanyang piling!

Kung ang mga pangyayari ay hindi umaayon sa iyong kagustuhan, alaming ang Diyos ay lagi nang may plano para sa iyo. Bibiyayaan ka ng mahahalaga at mga pangarap, hindi nga lamang sa paraang kanilang iniisip. Hindi natin alam ang plano ng Diyos para sa atin. Ang alam lang natin, ang paraan Niya ay hindi tulad ng sa atin. Ang alam lang natin, subalit ang paraan Niya ay lagi nang ang pinakamahusay!

2. Pagtatalakay:

A. Tanungin ang mga bata:

- a. Bakit pinamagatan ang kwento ng Ang Tatlong Punong Nangarap?
- b. Ano ang nilalaman ng binasang kwento?

- c. Anu- ano ang dapat mong tandaan upang maiwasan ang anumang pinsala o panganib na nakaatang sa kapaligiran?
 - d. Anu- ano mga panuntunang pangkalusagan at pangkaligtasan sa paghahalaman?
 - e. Sa anong kadahilanan, bakit kailangang pahalagahan ang kaligtasan ng sarili laban sa panganib sa paghahalaman?
- B. Ipakita, gamit ang tsart, ang mga panuntunang pangkalusagan at pangkaligtasan sa paghahalaman.

Ang paghahalaman ay isang di- gaanong mapanganib na gawain, ngunit tiyak na kaligtasan at pag- iingat sa sarili ay dapat pa ring panatilihin habang nagtatanim. Ang paghahanda sa pagtatanim ay madalas na may kasamang paggamit ng mga maaaring mapanganib na mga kagamitan. Ang mga gawaing nakatak dang simulan ay gumagamit ng mga kaukulang pagkilos ng buong katawan, kaya ito’y magiging mapanganib sa taong may mga isyu sa kalusugan o limitado ang pagkilos. Magiging ligtas at malayo sa panganib ng pinsala ang katawan sa pamamagitan ng ligtas na mga kasanayan sa paghahalaman.

Mga Panuntunang Pangkalusagan at Pangkaligtasan sa paghahalaman

1. Magsuot ng Wastong Gear

Narapat sa taong naghahalaman ay magsuot ng damit na may mahabang manggas upang maprotektahan ang balat laban sa labis na sikat ng araw. Panatilihing malayo ang iyong sarili sa mga dumi, pataba, damo at iba pang mga potensyal na nakakalason kapag nalalanghap. Maaari ring magsuot ng sapatos upang maiwasan ang pinsala sa iyong mga paa mula sa kagamitan na mapanganib. Gumamit ng guwantes kung maaari.

- 3. Gumamit ng mga kasangkapanng nasa maayos na kondisyon. Iwasan ang paggamit ng mga kinakalawang, mapupuro at may sirang kasangkapan o kagamitan.
- 4. Maglaan ng maayos at matibay na lalagyan para sa mga kagamitan at kasangkapan lalo na kung hindi ito ginagamit.
- 5. Gamitin nang buong ingat ang mga kagamitan at kasangkapang may talim. Tiyaking walang tao sa iyong likuran o malapit sa iyo na maaring matamaan nang di sinasadya.
- 5. Pagtuunan ng pansin ang ginagawa. Iwasan ang pakikipag-usap o pakikipagtalo habang gumagawa.
- 6. Maglagay ng damit pantrabaho at magbihis pagkatapos gumawa.
- 7. Gumamit ng damit pantrabaho.
- 8. Linisin at itago sa isang ligtas na lugar ang mga kagamitan at kasangkapan.

9. Maghugas mabuti ng kamay pagkatapos gumawa. Linisin ding mabuti ang ilang bahagi ng katawan na narumihan habang gumagawa.

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

Itanong

- Anu- ano ang dapat nating isalang-alang upang maiwasan natin ang sakunang maaaring mangyari sa pagpaparami ng mga namumungang-kahoy?

2. Paglalapat:

- Hatiin ang klase sa dalawang pangkat.
- Bigyan ng sitwasyon ang bawat pangkat tungkol sa mga panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasan sa pagpaparami ng mga namumungang-kahoy.
- Hayaan ang bawat pangkat na magdula- dulaan tungkol sa mga panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasan sa pagpaparami ng mga namumungang-kahoy.

IV. Pagtataya:

Ilagay ang tamang sagot sa patlang upang makumpleto ang pangungusap tungkol sa panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasan kaugnay sa pagpaparami ng mga namumungang-kahoy

atensyon	maayos	panganib	gumawa	tandaan
----------	--------	----------	--------	---------

1. Gumamit ng mga kasangkapang nasa _____ na kondisyon.
2. Ang _____ ay maiiwasan sa maingat na paggawa.
3. Maghugas mabuti ng kamay pagkatapos _____.
4. Ituon ang _____ sa ginagawa upang maiwasan ang sakuna.
5. Laging _____ ang mga pangkaligtasan at pangkalusugang panuntunan sa pagpaparami ng namumungang-kahoy.

V. Takdang- aralin:

Sauluhin ang mga panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasan sa pagpaparami ng mga namumungang-kahoy at bigkasin sa umaga.

EPP 6(Agrikultura)

1st Quarter

Aralin 4

I. Layunin:

Nagagamit ang teknolohiya sa pagsasagawa ng survey upang malaman ang pangangailangan ng merkado sa pagsasamilihan ng prutas.(TLE6AG0-b-2)
(Uses technology in the conduct of survey to find out market demands for fruits.)

*Pagiging maparaan at mapagmatyag

II. Paksang-Aralin:

A.Pagsasagawa ng survey

B.Reference: K to 12 Grade 6 Curriculum Guide 2016

C. Kagamitan: tsart, plaskard, internet, computer

III.Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Paghawan ng balakid

Teknolohiya internet pananaliksik survey

2. Balik-Aral

Magtanong kung anu-ano ang mga element sa pagtanim ng bungang kahoy

3. Pagganyak

Magsurvey ang bawat pangkat sa pamayanan tungkol sa gusto ng mamimili ng prutas. Itanong sa mag-aaral ang mga ito;

1. Anong paraan ang Gawain ninyo upang mapadali ninyo ang gagawing pagsurvey?

2. Bigyang kahulugan ang mga salitang teknolohiya, internet, pananaliksik at survey.

B.Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

Maghanda ang guro ng isu-survey ng bawat pangkat upang maging matagumpay ang pananaliksik gamit ang internet o di kaya isang papel.

Mga Prutas	Lugar	Panahon	Pangangailangan	Gusto ng Mamimili
Santol				
Manga				
Kaimito				
Abokado				
Bayabas				
pakwan				

2. Pagpapalalim ng Kaalaman

Pagkatapos nilang gumawa ng survey, pangkatin ang mga bata sa tatlong Grupo at pagkatapos isa-isahin nila ang pag-analisa sa mga resulta upang Makagawa ng isang rekomendasyon tungkol ditto. Pagkatapos nila ito, Gagawa sila ng isang pag-uulat sa harap ng mga kaklase.

3. Pagsasanib

ICT  Web surfing

C. Pangwakas na Gawain

1. Paglalahat

Dapat nating tandaan na maraming mga halaman na nabubuhay depende sa kanyang lokasyon sa lugar at panahon nito. Bago magtanim ng bungang kahoy dapat siguraduhan natin kung ito ba ay akma sa kanyang lugar, panahon at ang pangangailangan sa merkado ng mga mamimili.

Sa pagsasagawa ng survey kinakailangan nito ay gumamit ng makabagong teknolohiya upang mapadali itong magawa at mas maiinterpret ito ng mabuti. kailangang maging maparaan tayo at mapagmatyag upang maging madali ang ating gawain.

2. Paglalapat

Magsurf tungkol sa mga prutas na palaging binibili ng mga tao.

IV. Pagtataya

Sagutin ang tanong (5pts.)

Gamit ang teknolohiya ano ang pinakamabiling prutas sa Ormoc.

V. Takdang-Aralin

Gumuhit ng isang prutas na pinakamabili sa buwang ito.

EPP 6
Aralin 5
1st Quarter

I. Layunin: Nakagagawa ng iskedyul ng trabaho para sa pagpapalaki, pagaalaga, pagproseso at pagkalakal ng mga produkto at sa pamamagitan ng produkto **(TLE6-AG-0i-10)**
(Prepares schedule of work for raising, caring, processing and marketing of Products and by products)

II. Paksang Aralin:

Paksa : Paggawa ng iskedyul ng trabaho para sa pagpapalaki, pagaalaga, pagproseso at pagkalakal ng mga produkto at sa pamamagitan ng produkto

Sanggunian: Curriculum Guide Grade 6, p.35; EPP4 p43; RMLP

Kagamitan: laptop, projector, tsart, plaskard

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

Pagsasanay

Pagsama-samahin ang mga salita na nakasulat sa metacard para makabuo nga isang pangungusap. Ang unang grupo na makakabuo ang siyang panalo.

ay	ng	dapat	gawain
gabay	isang	araw/panahon	sa
gagampanan	nakaatang	iskedyul	na
pagsunod	Ang		ay

Balik-Aral

Magtanong sa tungkol sa napag- aralan kahapon
Pagtsek ng kasunduan

Pagganyak

Itanong:

Ikaw ba ay nakagawa na ng isang plano? Anu-ano ang mga iyon?

Anu-ano ang mga gabay sa pagpapalano ng pararamihing alagang hayop?

Ano ba ang naidudulot sa pagpapalano ng iyong proyekto?

B. Panlinang na Gawain:

Paglalahad

Ipakita ang dalawang talatakdan/iskedyul.

Sabihin: Pagmasdan mabuti ang dalawang Talatakdan/iskedyul at ipaliwanag ang kaibahan

Pagtatalakay

A. Pansariling Talatakdan/Iskedyul

(ito ay tumutukoy sa mga indibidwal na gawaing dapat gawin sa takdang oras)

Oras	Minuto	Gagawin
UMAGA		
6:00-6:15	15	Pagliligpit ng silid-tulugan
6:15-6:30	15	Pag-aayos ng sarili
6:30-6:45	15	Pag-aalmusal
6:45-7:45	60	Paghahanda ng pagkain ng alagang hayop
7:45-8:30	45	Pag-aayos ng kakainan ng alagang hayop
8:30-9:00	30	Pagpapakain sa alagang hayop
9:00-9:15	15	Pagbibigay ng karagdagang bitamina at mineral
9:15-10:15	60	Pagpapaligo ng alagang hayop(2 beses sa loob ng isang linggo)
10:15-11:30	75	Paglilinis ng kulungan ng hayop
HAPON		
11:30-1:00	120	Tanghalian at Pamamahinga
1:00-2:00	60	Pagtingin sa kalusugan ng hayop
2:00-3:00	60	Pagwawalis at paglilinis ng mga dumi
3:00-4:00	60	Paghahanda ng tubig at pagkain
4:00-5:00	60	Pagpapakain sa hayop
5:00-5:30	30	Pagliligpit ng mga gamit at pag-aayos ng mga ilaw sa kulungan
5:30-6:00	30	Paghahanda ng hapunan

GABI		
6:00-Pataas		Paghahapunan, pag-aaral ng leksyon, pamamahinga

B. Pangmag-anakan nga Talatakdaan/Iskedyul

(ito ay pinaghati-hating gawain sa lahat ng mga kasapi ng mag-anak para gampanan sa takdang oras)

Gawain	Taong Gaganap	Araw
Pagpaplano na sisimulan sa mga alagang hayop	Nanay/Tatay	1 Linggo
Paggawa ng kulungan	Tatay/Kuya	1 Linggo
Pamimili ng pagkain	Nanay/Ate	Lingguhan
Pamimili ng bitamina at mineral para sa hayop	Ate	Lingguhan
PAGpapakain sa alagang hayop	Nanay/Kuya	Araw-araw
Paglinis ng kulungan	Kuya	Araw-araw
Paglilinis ng mga kasangkapan na ginagamit	Ate/Nanay	Araw-araw
Pagtingin sa kalusugan ng hayop	Nanay/Ate	Araw-araw
Pagbubuklod sa hayop na may sakit	Tatay/Nanay	1 Araw
Pagtingin sa babaeng hayop na manganganak	Mag-anak	Araw-araw
Mag-aalaga sa mga bagong anak na hayop	Ate/Kuya	Araw-araw

Sabihin: Ang Iskedyul/Talatakdaan ay talaan ng mga gawaing dapat isakatuparan sa takdang oras at panahon. Ito ay maaaring gawin para sa isang araw, linggo, o isang buwan. Nagsisilbi ito ng tagapagpaalala sa isang gumagawa ang kailangan nilang gawin sa takdang oras upang matapos sa takda o sa sa lalong mdaling panahon.

Pagpapalalim sa Kaalaman:

Gawin Natin: (Group Activity)

A. Kaya n niyong gawin?

Tingnan nating kung makagagawa kayo ng sarili ninyong talatakdaan/iskedyul sa pagpaparami ng alagang hayop?

Pansariling Talatakdaa/Iskedyul

Oras	Minuto	Gawain

Pangmag-anakan na Talatakdaan/Iskedyul

Gwain	Taong Ganap	Araw

B. Nakagagawa ng Iskedyul nang pag-aalaga ng hayop
Lingguhang Iskedyul

Isulat ang mga gawain sa Lingguhang Iskedyul

Uri ng Hayop: _____

Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo

C. Hatiin ang klase sa (4) apat na grupo.

Gumawa ng Iskedyul tungkol sa pagpapalaki, pag-aalaga, pagproseso, pangangalakak sa produkto ng mga produkto. Iulat sa klase pagkatapos. (*Bigyan ng sapat na oras ang mga mag-aaral*)

Paglalahat:

Bakit kailangang tulong-tulong sa paggawa ng anumang gawain?

Ipaliwanag ang kahalagahan ng dalawang Talatakdaa/Iskedyul?

Sabihin: Ang paggawa ng Iskedyul ng mga gawain ay isang mabisang paraan upang magamit nang wasto ang panahon sa pag-aalaga ng hayop. Nagkakaroon ng gabay sa pagsasagawa ng mga gawain kung may nakahandang plano sa paggawa. Walang masasayang na panahon sa pag-iisip kung ano ang dapat tapusin sa araw na iyon. Nakikita rin ang pagkakaugnay ng mga gawain kung mayroong iskedyul.

C. Pangwakas na Gawain:

Paglalapad

1. Pagmasdan si Carlo.
2. Si Carlo ay gumagawa ng kulungan sa kanyang alagang kalapati
3. Gumawa ng iskedyul ng mga gawain ni Carlo sa kanyang alagang kalapati.
(Pansarili o Pangmag-anakan na Iskedyul)

IV. Pagtataya:

Gumawa ng Iskedyul tungkol sa pagpapalaki, pag-aalaga, pagproseso, pangangalakal sa produkto.

(Pansarili o Pangmag-anakan na Iskedyul)

Pagpapalaki	Pag-aalaga	Pagproseso	Pangangalakal

V. Takdang-Aralin:

Isulat kung anong araw ginagawa ang mga gawain sa pag-aalaga ng inyong alaga sa bahay.

1. Pagpapakain
2. Paglilinis sa kulungan
3. Paghahanap ng pagkain para sa mga alaga
4. Pagpapaligo
5. Pagpapainum ng mga bitamina at mineral

EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN (EPP) 6

1ST Quarter - Agrikultura

Lesson 6

I. LAYUNIN:

Nagagamit ang teknolohiya sa pagsasaliksik ng mga kilalang *orchard farms* sa bansa. **(TLE6AG-Ob-2-1.2.4)**

(Uses technology in the conduct of survey to find out famous orchard farm in the country.)

Pagpapahalaga: PAGKAMAKABANSA

II. PAKSANG-ARALIN:

- A. Paksa: Paggamit ng Teknolohiya sa Pagsasaliksik ng mga Kilalang *Orchard Farms* sa Bansa
- B. Sanggunian: K TO 12 Grade 6 Curriculum Guide, google images, www.bing.com
- C. Kagamitan: larawan ng iba't-ibang tanim, tsart, monitor & internet

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. Pagsasanay

Kilalanin kung anong uri ng halaman ang nasa larawan.



2. Pagbabalik-aral

Anu-ano ang mga iba't-ibang uri ng bungang-kahoy?

Ano ang maaring maidudulot ng pagpapalaki o pag-aalaga ng mga bungang-kahoy sa pamilya?

3. Pagganyak

Sinu-sino sa inyo dito ang marunong sa *computer* at gumamit ng *internet*?

Sa aralin natin ngayon ay magagamit ninyo ang inyong mga kaalaman sa *computer* at paggamit ng *internet*.

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

Basahin ang talata.

Ang mga Pilipino ay kilala sa pagiging masipag at masikap sa pagtatrabaho. Dito sa Pilipinas, iba't-iba ang hanapbuhay ng mga tao dahil sa pagkakaiba ng topograpiya dulot ng pagkakaiba-hiwalay ng mga pulo. Kung kapatagan o kaya'y kabundukan ang pag-uusapan, pagsasaka ang hanapbuhay ng mga tao. Ang iba rin ay nag-aalaga ng halamanan o *orchard farms* na maari nilang mapagkakakitaan tulad ng saging, manga, lansones, abokado at iba pa. Maliban sa ito ay makakatulong sa pagtataguyod ng pamilya, ito rin ay makakatulong sa pagkakaroon ng ligtas at preskong hangin. Nakapagdudulot rin ito ng kasiyahan sa mga taong dumadayo sa lugar na may mga tanim na gaya ng mga nabanggit sa itaas lalung-lalo na sa mga nag-aalaga nito.

2. Pagtatalakay

Sino ang kilalang masipag at masikap sa trabaho?

Bakit nag-iiba-iba ang hanapbuhay ng mga tao sa Pilipinas? Sa anong asignatura nabibilang ang salitang "topograpiya"? Ano ang ibig sabihin nito?

Anong uri ng hanapbuhay ang nabanggit sa talata na maaring mapagkakakitaan?

Anu-anong uri ng pananim ang maaring gawing *orchard farm*? Paano ito nakakatulong sa pamilya?

Sa iyong palagay, nakakatulong din ba ito sa kalusugan ng tao? Paano?

3. Pagpapalalim sa Kaalaman

Gumamit ng laptop, tab o cellphone. Gamit ang *internet* o *pocket wifi* magsaliksik kung anu-ano ang kilalang *orchard farms* sa bansa at kung saan ito matatagpuan. (*Teacher may provide the internet then guide or facilitate the pupils during the activity*)

Itala ang mga impormasyong ito:

Uri ng halamang inaalagaan: _____

Lugar: _____

Pangalan ng may-ari: _____

Unang Pangkat – Luzon
Ikalawang Pangkat – Visayas
Ikatlong Pangkat – Mindanao

I-save ang larawan ng mga kilalang orchard farms at i- print ito kung maari. Iulat ito sa klase.

C. Pangwakas na Gawain

1. Paglalahat

Anu-ano ang mga kilalang orchard farm sa bansa? Saan ito matatagpuan?

Kung ikaw ang pagpipiliin, anong prutas ang gusto mo, yaong nagmumula ditto sa Pilipinas o sa ibang bansa.

2. Paglalapat

Gamit ang internet, alamin kung saan matatagpuan ang malalaking taniman ng –

Mangga? _____

Lansones? _____

Saging? _____

Abokado? _____

Durian? _____

IV. PAGTATAYA

Gamit ang internet, magtala ng 5 kilalang *orchard farm* sa bansa at isulat kung saan ito matatagpuan.

V. TAKDANG – ARALIN

(Pangkatang Gawain)

Magsaliksik kung sino ang may mga *orchard farm* sa iyong komunidad. Alamin at isulat ang mga impormasyong ito:

Pangalan ng may-ari: _____

Edad: _____

Tirahan: _____

Uri ng halamang inaalagaan: _____

Ilang taon na naghahalamanan: _____

Magkano ang buwanang kita: _____

Anong uri ng pataba ang ginamit: _____

EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN (EPP) 6

1ST Quarter - Agrikultura

Lesson 7

I. LAYUNIN:

Nakagagawa ng *survey* upang malaman ang iba't-ibang uri ng *orchard farm*.

(TLE6AG-Oc-3-1.3.1)

(Conduct a survey to identify types of orchard farms.)

Pagpapahalaga: PAGKAMASIPAG

II. PAKSANG-ARALIN





- A. Paksa: Paggawa ng *Survey* Upang Malaman ang Iba't-ibang *Orchard Farms*.
- B. Sanggunian: K TO 12 Grade 6 Curriculum Guide, google images, www.bing.com
- C. Kagamitan: larawan, tsart, monitor & internet, projector

III. PAMAMARAAN

A. Panimulang Gawain

1. Pagsasanay

Basahin ang mga salitang nakasulat sa *metastrips*.

-  Orchard farm
-  Nut orchard
-  Seed orchard
-  Fruit orchard

2. Pagbabalik-aral

Anu-ano ang mga kilalang *orchard farm* sa bansa?

Saan ito matatagpuan?

3. Pagganyak

Sinu-sino ang gustong mag-explore sa internet?

Sinu-sino naman ang gustong mag-*field trip*? Ang pag-explore sa internet ay magagamit natin sa aralin ngayon at magkakaroon din tayo ng *field trip* pero dito lamang sa inyong lugar.

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

Tingnang mabuti ang mga larawan. Kilalanin kung ano ito at sa anong uri ito ng *orchard farm* nabibilang? (Pangkatin ang mga bata ng tatlo, bigyan sila ng *metastrips* at ipasulat ang kanilang mga obserbasyon sa bawat pangkat ng larawang nakatalaga sa kanilang grupo)

Unang Larawan



Ikalawang Larawan



Ikatlong Larawan



2. Pagtatalakay

Anu-ano ang inyong naobserbahan bilang pagkakaiba ng tatlong pangkat ng mga larawan? Ano ang mayroon sa bawat pangkat ng mga larawan (distinct characteristics)?

Ang **unang Pangkat** ng mga larawan ay nabibilang sa *seed orchard farm* o halamanang nagpo-*produce* ng mga buto. Ang *seed orchard* ay nakapokus sa pagpapalago o pagpapatubo ng mga puno na nakapagpo-*produce* ng mga buto. Ang mga buto nito ay ipagbibili sa mga malalaking negosyante, o maaari rin itong gamitin sa paggawa ng mga pagkain. Nabibilang din dito ang ibang gulay gaya ng *pechay* at *raddish*.

Ang **ikalawang pangkat** ng larawan ay nabibilang sa *nut orchard*. Dito nabibilang ang *walnuts* (nogales), *cashew* (kasoy), *almonds* (almendras), at syempre ang *coconut* (niyog), pili nut, marang at iba pa.

Ang **ikatlong pangkat** ng larawan ay nabibilang sa *fruit orchard*. Ang pangunahing layunin ng pagkakaroon ng nito ay ang pagpaparami ng mga prutas na maaring mapagkukunan hanapbuhay at matugunan ang pangangailangan ng mga tao.

May mga tanim o halaman naman na nabibilang pareho sa *fruit orchard* o *seed orchard* gaya ng siniguelas, rambutan, guyabano at atis.

3. Pagpapalalim sa Kaalaman

Option A. Gumamit ng laptop, tab o cellphone. Gamit ang *internet* o *pocket wifi* magsaliksik ng iba pang mga halaman na nabibilang sa tatlong uri ng *orchard farm*. (*wifi should be provided*)

Unang Pangkat – seed orchard Ikalawang Pangkat – nut orchard Ikatlong Pangkat – fruit orchard

I-save ang larawan ng mga halaman at prutas na nabibilang sa iba't-ibang uri ng *orchard farm* at i-print ito kung maari. Iulat ito sa klase. (Kung walang printer, maaring isulat na lamang ito sa tsart.)

Option B. (Kung walang internet, maaring maglibut-libot ang mga bata sa buong paaralan at mga karatig-lugar nito kasama ang kanilang mga ka-grupo sa at itala ang mga bungang-kahoy na nabibilang sa bawat pangkat ng *orchard farm*.)

Unang Pangkat: Itala ang mga bungang-kahoy na nabibilang sa <i>seed orchard</i> Ikalawang Pangkat: Itala ang mga bungang-kahoy na nabibilang sa <i>nut orchard</i> Ikatlong Pangkat: Itala ang mga bungang-kahoy na nabibilang sa <i>fruit orchard</i>
--

C. Pangwakas na Gawain

1. Paglalahat






Anu-ano ang tatlong uri ng *orchard farm*?

Magbigay ng mga halimbawa ng halaman o prutas na nabibilang sa *seed orchard*?

Fruit orchard? Nut orchard?

2. Paglalapat

Gamit ang internet, alamin kung anong uri ng orchard farm nabibilang ang mga sumusunod:

-  Mansanas - _____
-  Chicos - _____
-  Sampalok - _____
-  Caimito - _____
-  Orchids - _____

IV. PAGTATAYA

Gamit ang internet, magtala ng 5 halaman o prutas na nabibilang sa bawat uri orchard farm.

V. TAKDANG – ARALIN

(Pangkatang Gawain)

Magsaliksik kung sinu-sino ang may mga orchard farm sa iyong komunidad at kilalanin kung anong uri ito.

EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN (EPP) 6

1st Quarter

(Lesson 8)

I. LAYUNIN:

- Nakapagsisiyasat upang malaman ang mga punongkahoy na angkop sa “orchard gardening” batay sa lokasyon, klima, at “market demand” nito. (TLE6AG-Oc-3) (Conducts a survey to Identify trees appropriate for orchard gardening based on location, climate, and market demands)

Pagiging maingat sa Pagsisiyasat

II. PAKSA:

- A. Paksang Aralin:** Pagsisiyasat Upang Malaman ang mga Punongkahoy na Angkop sa “Orchard Gardening” Batay sa Lokasyon, Klima, at “Market Demand” nito.
- B. Sanggunian:** K to 12 Curriculum Guide 6, Google
- C. Kagamitan:** laptop o desktop na may internet, manila paper, pentel pen

III. A. PANIMULANG GAWAIN

- 1. Pagsasanay:** Ipabasa ang ss. na mga salita sa plaskard:
orchard gardening klima
lokasyon pagsisiyasat
- 2. Balik-aral:** Ipabigay sa klase ang kahulugan ng “Orchard Gardening”.
- 3. Pagganyak:** Magpakita ng mga larawan ng iba’t ibang punongkahoy. Alin kaya sa mga larawang ito ang maaaring itanim sa isang “Orchard Garden” na gagawin dito sa ating lugar?

B. PANLINANG NA GAWAIN

- 4. Paglalahad:** Ang pagtatanim ng mga punongkahoy ay nakatutulong sa atin sa maraming bagay, lalo na kung ang itinatanim ay mga bungangkahoy. Ngayon, aalamin natin ang iba’t ibang punongkahoy na angkop sa isang orchard garden batay sa klima at lokasyon ng isang lugar, at kung gaano ang mga ito kahalaga sa isang lugar.
- 5.** Hatiin ang klase sa tatlong pangkat at ipagawa ang mga panuto sa ibaba. Paghandain ang bawat grupo para sa isang pag-uulat
Pangkat A: Magsaliksik gamit ang aklat, internet, o panayam sa mga tao sa pamayanan kung anu-ano ang mga punongkahoy na angkop itanim sa isang “orchard garden” batay sa KLIMA ng isang lugar.

Pangkat B: Magsaliksik gamit ang aklat, internet, o panayam sa mga tao sa pamayanan kung anu-ano ang mga punongkahoy na angkop itanim sa isang “orchard garden” batay sa LOKASYON ng isang lugar.

Pangkat C: Magsaliksik gamit ang aklat, internet, o panayam sa mga tao sa pamayanan kung anu-ano ang mga punongkahoy na angkop itanim sa isang “orchard garden” batay sa GAMIT nito sa isang lugar.

6. Talakayan

Ang isang “orchard garden” ay isang taniman ng ibat ibang bungang-kahoy. Ang mga itinitanim dito ay nababatay sa klima at lokasyon ng isang lugar at kung gaano ang mga ito kahalaga sa pamayanan.

May mga punong nababagay itanim sa lugar na malalamig at matatas na lugar at meron namang nababagay sa may katamtamang klima.

7. Paglalahat:

Anu-anong mga bungangkahoy ang maaaring itanim sa orchard garden kung ito ay gagawin sa malamig na lugar? Sa may katamtamang klima?

8. Paglalapat:

Pangkat in ang klase sa tatlo. Magbigay ng activity cards sa bawat pangkat.

Pangkat 1 – Kung kayo ay gagawa ng isang “orchard garden” sa isang **malamig** na lugar, anu-anong mga punongkahoy ang itatanim ninyo? Itala ang inyong sagot sa isang papel at maghanda sa maikling pag-uulat.

Pangkat 1 – Kung kayo ay gagawa ng isang “orchard garden” sa isang lugar na may katamtamang klima at patag, anu-anong mga punongkahoy ang itatanim ninyo? Itala ang inyong sagot sa isang papel at maghanda sa maikling pag-uulat.

Pangkat 1 – Kung kayo ay gagawa ng isang “orchard garden” sa isang lugar na malapit sa tabing dagat, anu-anong mga punongkahoy ang itatanim ninyo? Itala ang inyong sagot sa isang papel at maghanda sa maikling pag-uulat.

IV. PAGTATAYA

- Lagyan ng tsek (/) kung ang punongkahoy ay angkop na itanim sa isang lugar na may malamig na klima at ekis (X) naman kung ito ay angkop sa may katamtamang klima.

_____ 1. Manga	_____ 6. Pine tree
_____ 2. Santol	_____ 7. saging
_____ 3. durian	_____ 8. rambutan
_____ 4. Bayabas	_____ 9. langka
_____ 5. Sampaloc	_____ 10. Melon

V. TAKDANG ARALIN:

Magtala ng iba pang punongkahoy na angkop itanim sa Orchard Garden na nasa malamig na lugar at sa mga lugar na may katamtamang klima.

EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN (EPP) 6

1st Quarter

(Lesson 9)

I. LAYUNIN:

- Nakapagsisiyasat upang malaman ang tamang paraan ng pagtanim/pagpapatubo ng mga punongkahoy at mga bungangkahoy (Budding, marcotting, grafting) (TLE6AG-Oc-3)
(Conducts a survey to identify proper way of planting/propagating trees and fruit-bearing trees – budding, marcotting, grafting)

Pagiging maingat sa Pagsisiyasat

II. PAKSA:

- Paksang Aralin:** Pagsisiyasat Upang Malaman ang Tamang Paraan ng Pagtanim/Pagpapatubo ng mga Punongkahoy.
- Sanggunian:** K to 12 Curriculum Guide 6, Agap at Sikap 6, pp. 90-92
- Kagamitan:** mga larawan, manila paper, pentel pen, activity cards

III. A. PANIMULANG GAWAIN


- Pagsasanay:** Sagutin ang sumusunod ng Oo o Hindi:
 1. Ang klima sa isang lugar ay hindi na kailangan pang isaalang-alang sa pagpili ng kahoy na itanim.
 2. Sa pagtanim, mahalaga rin ang pagpapalano.
 3. Malaki ang maitutulong ng pagsisiyasat sa pagsagot sa mga katanungan.
 4. Ang mga halaman at punongkahoy ay may maraming pakinabang sa tao at sa paligid.
- Balik-aral:** Anu-ano ang ibat-ibang uri ng “orchard farms”?
- Pagganyak:** Itanong: “Alam nyo ba kung paano pinapatubo ang mga punongkahoy at bungangkahoy?”

B. PANLINANG NA GAWAIN

- Paglalahad:** Aalamin natin ngayon ang iba’t ibang pamamaraan ng pagpapatubo ng mga punongkahoy at bungangkahoy.
- Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Bawat grupo ay bibigyan ng tig-iisang activity card.
Paghandain ang bawat grupo para sa isang pag-uulat pagkatapos.

Group 1:

- Alamin kung anong pamamaraan ng pagpapatubo ng punongkahoy ang makikita sa larawan sa ibaba.



- Maaaring mahanap ang sagot sa internet, sa aklat, o magsiyasat sa pamayanan.

Group 2:


- Alamin kung anong paraan ng pagpapatubo ng punongkahoy ang makikita sa larawan sa ibaba.



- Maaaring mahanap ang sagot sa internet, sa aklat, o magsiyasat sa pamayanan.

Group 2:

- Alamin kung anong paraan ng pagpapatubo ng punongkahoy ang makikita sa larawan sa ibaba.




- Maaaring mahanap ang sagot sa internet, sa aklat, o magsiyasat sa pamayanan.

6. Talakayan

- **MGA PAMAMARAAN SA PAGPAPATUBO NG MGA PUNONGKAHOY/BUNANGKAHOY**

- A. **Pagmamarkot o Air Layering** – isang paraan kung saan ang lupa ay dinadala sa bahagi ng sangang pauugatan sa pamamagitan ng pagbabalot nito nang maayos.




- B. **Paraang Budding** – sa paraang ito, dalawang bahagi ng halaman ang pinagdugtong upang lumaki bilang isang bagong halaman. Ang supang* na ginagamit sa paraang ito ay buko na may maliit na pirasong balat ng kahoy.



- C. **Grafting** – ang paraang ito ay katulad din ng budding na kung saan dalawang

bahagi ng halaman ang pinagdugtong ngunit ang ginagamit na supang sa paraang ito ay isang sanga na nakakabit pa sa magulang na halaman o hiwalay na.



***supang** (scion) – ang itaas na bahagi ng pinagdugtong na halaman
***stock** – ang tawag naman sa ibabang bahagi ng pinagdugtong na halaman

D. Paglalahat: Itanong: “Anu-ano ang mga paraan sa pagpapatubo ng mga punongkahoy/bungang kahoy?”

E. Paglalapat: Sabihin kung anong paraan ng pagpapatubo ng punongkahoy ang babanggitin sa susumusunod:

- _____ 1. Pagdudugtong ng dalawang bahagi g halaman gamit ang buko n may balat.
- _____ 2. Pagbabalot ng lupa sa bahagi ng sangang pauugatan.
- _____ 3. Pagdudugtong ng dalawang bahagi ng halaman gamit ang sanga.

IV. PAGTATAYA

- Punan ang bawat patlang ng tamang sagot. Hanapin ang sagot sa loob ng kahon.

Pagmamarkot	grafting	cutting
Budding	supang	stock

- _____ 1. Paraan ng pagpapatubo na kung saan dinudugtong ang dalawang bahagi ng halaman gamit ang sanga.
- _____ 2. Tawag sa ibabang bahagi ng pinagdugtong na halaman
- _____ 3. Paraan ng pagpapatubo na kung saan binabalot ng lupa ang bahagi ng sangang pauugatan.
- _____ 4. Tawag sa itaas na bahagi ng pinagdugtong na halaman.
- _____ 5. Paraan ng pagpapatubo na kung saan ay dinudugtong ang dalawang bahagi ng halaman gamit ang buko na may balat.

V. TAKDANG ARALIN: Magsiyasat kung anong pamamaraan ng pagpapatubo ang pinakamahusay gamitin sa ipil-ipil?

EPP 6 – Agriculture

Aralin 11
1st Quarter

I. Layunin: Naisasagawa ang wastong pangangalaga ng punla. (TLE6AG-0c-3)
(How to care for seedlings)

Pagkamaayos at pagiging masipag sa gawain

II. Paksang Aralin:

Paksa: Pag-aalga ng Punla

Sanggunian: Curriculum Guide, Grade 6, p.33;

RMLP: Aralin 46; Agap at Sikap 6 p. 70-72

EPP6 p. 53; Google Images and Videos

Kagamitan: laptop, projector,

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Pagsasanay

TAMA o MALI

- _____ 1. Asarol ang gamitin sa pagbubungakal ng lupa.
- _____ 2. Haluan ng pataba ang lupa bago taniman.
- _____ 3. Tiyaking paunti-unti ang pagdilig at katamtaman lamang.
- _____ 4. Takpan ng dagami ang lugar ng pagtaniman.
- _____ 5. Iabad ang binhi sa magdamag.

2. Balik-Aral

Isaayos nang sunod-sunod ang wastong paghahanda ng lupa.

- _____ Ihanda ang lupa at kagamitan.
- _____ Patagin ang lupa sa pamamagitan ng kalaykay.
- _____ Pagbubungkal ng lupa.
- _____ Takpan ng dagami ang lugar na taniman.
- _____ Diligan ang lupang pagtatamnan ng katamtaman lamang.

3. Pagganyak

Itanong:

1. Anu-anong kabutihan ang dulot ng kaalaman sa paghahalaman? Magbigay ng ilang halimbawa tungkol sa kabutihang dulot na nabanggit?
2. Anu-anong tuntunin ang dapat isagawa upang huwag mapinsala o mamatay ang punla?

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad

Kailangang isaalang-alang ang maraming bagay kapag nagbabalak mag-alaga ng mga halaman at pananim sa inyong paligid. Higit na magigigng matagumpay sa paghahalaman kapag maingat at masususing paghahanda ang ginawa nito.

2. Pagtatalakay

Mga Paraan sa Wastong Pangangalaga ng Punla:

- ✓ Wastong pag pili ng mga buto o binhi o punla ng mga halamang gustong gagasmitin sa pagtatanim.
- ✓ Plotting – ay ang paghahanda ng lupang pagtataniman – Ibig sabihn, itatakda, susukatin, at li;linisan ang lupang napili. Bungkailn at paluwagin ang lupa.
- ✓ Kailangan mamasa-masa o moist ang lupa pag nagtatanim. Hindi pwede kung masyadong tuyo at ganoon din naman kung sobrang basa.. kailangan kainaman lamang o looseness para makahinga at makakapit ang mga punla.
- ✓ Bawat punla o binhi ay may kanya-kanyang lalim ng huky pag itinatanim. May kanya-kanyang silang pangangailangan para sa kanilang paglaki.
- ✓ Kailangan ding may sapat na pagitan o distansya sa isat-isa ang mga halaman pag ngtatanim, kung hindi maggigitgitan o mag-crowded sila at magaagawan sa tubig at sustansya o nutrients ng lupa.
- ✓ Tandaan ang lugar na pagdidiligan ng punla.
- ✓ Paggagaman o weeding out ng mga damo sa paligid ng halaman. Mahalaga ang gawaing ito sapagkat kung hindi gagamasin ang mga damo, matatalo nila ang mga tanim na halaman.
- ✓ Paglalagay ng insecticides, pesticides at pataba sa mga pananim ay di rin kalimutan. Kailangan sugpuin ang mga insekto sa pananim. Mas mabuti kung organic ang gagamitin sapagkat ang mga iyon ay patabang galing din sa kalikasan at mas kakaunti ang harmful chemicals.
(download ang mga larawan/videos sa google ang mga pagtatanim at pangangalaga ng punla)

3. Pagpapalalim sa Kaalaman:

1. Pagpapangkat ng dalawang grupo. (A at B)
2. Ibigay ang task card (Group A at B)
3. Ipagawa ang mga sumusunod na makikita sa task card

2. Kailangan ba tayong matuto sa wastong pag-aalaga ng punla?

Sagot: Marami-marami ang kailangang gawin at pagdaanan para itanim, alagaan at palakihin ng tama ang mga punla. Hindi pwedeng laru-laro lang ang gawaing ito o gagawin kung hindi kalian maisipan o maibigan ng isang tao. Pag naumpisahan na, kailangan tuloy-tuloy ang pagtanim at hindi dapat pabayaang ang mga halaman. Ang kapalit ng pagtitiyaga at pagsisikap na bungkalin ang lupa at paluwagin ang mga tanim ay ang katiyakang sa bandang dulo, ang tanim ay mayroong malulusog na bunga at ugat na aanihin.

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalapat

Lagyan ng tsek (✓) ang patlang bawo ng bawat bilang ang mga gawaing pangangalaga ng pananim.

- _____ 1. Pagdidilig ng halaman sa umaga at lupa.
- _____ 2. Pagbubungkal ng lupa sa paligid ng halaman ng isa o dsalwang beses sa isang lingo.
- _____ 3. Pagbubunot ng mga ligaw na damosa paligid ng mga pananim.
- _____ 4. Paglalagay ng pataba o abono sa lupa.
- _____ 5. Pagbabakod ng paligid ng taniman.
- _____ 6. Pagpuksa ng peste at kulisap.
- _____ 7. Pagdidilig araw-araw ng mga halamang namumulaklak.
- _____ 8. Pagbubungkal ng lupa sa tanghali.
- _____ 9. Pag-iingat sa paggamit ng pambombang gamit.
- _____ 10. Pag-aalis ng mga bahagi ng halaman na napinsala ng peste at kulisap.

IV. Pagtataya:

Sagutin ng Tama o Mali kung naisasagawa ba ang wasto sa pangangalaga ng punla.

- _____ 1. Kailangan diligana ang punla kahit tag-ulan.
- _____ 2. Pagsisikap at pagtitiyaga ang kailangan upang maging malusog ang mga pananim
- _____ 3. Ang punla ay dapat ilayo o iiwas sa kulisap, peste at iba pa.
- _____ 4. Kailangan ang sapat na distansya para maiwasan ang pagka-crowded ng mga punla.
- _____ 5. Ang punla ay mahuhusay kapag wasto ang pangangalaga nito.

V. Takdang-Aralin:

- 1. Pumili ng isang uri ng buto na maaring itanim sa plastic container.
- 2. Alagan at dalhin sa klase ang punla.

EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN (EPP)- 6

1st Quarter- Agrikultura

(Aralin 12)

I. LAYUNIN:

Nakapaghanda ng Layout design ng isang halaman gamit ang impormasyong natipon.(TLE6AG-0c-4)

(Prepares layout design of an orchard garden using the information gathered).

PAGKAMAPARAAN (Resourcefulness)

II- PAKSANG ARALIN:

A. Pangunahing Kaisipan: “Layout Design ng isang halaman(Orchard Garden)”

B. Sanggunian: K to 12 Gr.6 Curriculum Guide p. 32

Agap at Sikap 6 , Google images

C. Materials: plaskard, manila paper, krayola, mga larawan ng Orchard Garden.

III- PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. Pagsasanay: Ipabasa sa mga bata ang mga salitang nakasulat sa plaskard.

ORCHARD GARDEN	DESINYO	HALAMANAN	
IMPORMASYON	LAYOUT	RIGADERA	PAMAYANAN

2. Pagbabalik-aral: Magbigay ng mga kagamitan sa pagnanarseri.


Hal. Piko, kalaykay,tinidor, dulos, itak, etc.

3. Pagganyak: Sino dito sa inyo ang may mga gamit sa paghanda ng layout design ng isang halaman? Magpakita ng mga gamit sa paghahanda ng layout design ng isang halaman.

B. Panlinang na Gawain:

Magpakita ng mga larawan na may layout at walang layout ng halaman (Orchard Garden) sa bakuran o pamayanan.

Tingnan ang mga halimbawa sa tsart.





1. Paglalahad:

- a. Magpapakita ng ibat'-ibang halamanan sa bakuran o sa pamayanan. Mahalaga ang paghahanda ng isang layout design sa halamanan (Orchard Garden). Ang paghahanda ng isang layout ay upang maip plano/ mapaghanda ang isang lugar o bakuran.

Mga dapat tandaan sa paggawa ng layout ay ang mga sumusunod:

1. Alamin ang uri ng lugar/ lupa na pagtaniman.
2. Mga halaman na dapat itanim sa layout o gawing paghalamanan.
3. May sapat na tubig na magamit upang maganda ang tubo ng mga tanim.

- b. Dalhin ang mga bata sa lugar/pamayanan na malapit sa paaralan na kung saan mayroong layout design ng paghalamanan.

- c. Magandang tingnan ang isang Orchard garden kung ito ay pinaghandaan ng maigi at maayos ng isang layout design.

2. Pagtatalakayan:

- a. Bakit mahalaga ang paghahanda ng isang layout design ng halamanan (Orchard Garden)?
- b. Ano-ano ang mga kagamitan sa paghahanda ng layout design sa halamanan?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat: Paano ang pag layout ng halamanan (Orchard Garden)?

2. Paglalapat:

Bumuo ng limang grupo, pumili ng lider at taga- ulat.

Gumuhit ng layout design ng halamanan(orchard garden) sa isang manila paper at ipaskil sa pisara at iulat sa klase.

IV. PAGTATAYA:

Gumawa/gumuhit ng layout design ng isang halamanan(Orchard Garden) sa isang buong papel.

V. TAKDANG-ARALIN:

Gumuhit ng layout design sa isang halamanan (Orchard garden) sa inyong kwaderno at isulat kung paano ito ipaghahanda.

EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN (EPP)- 6

1st Quarter- Agrikultura

(Aralin 13)

I. LAYUNIN: Nakikilala ang angkop na mga kasangkapan at kagamitan sa pagsasagawa ng paghahalaman o plant propagation at mga gamit nito. (TLE6AG-0d-5)

(Identifies the appropriate tools and equipment in plant propagation and their uses).

PAGKAMAINGAT (Carefulness)

II- PAKSANG ARALIN:

A. Pangunahing Kaisipan: Angkop na kasangkapan at kagamitan sa pagsasagawa ng paghahalaman o plant propagation.

B. Sanggunian: K to 12 Gr.6 Curriculum Guide p. 32

Agap at Sikap 6 , Google images

C. Materials: plaskard, manila paper, mga kagamitan/tools

III- PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. Pagsasanay: Piliin ang wastong gamit ng mga sumusunod.

Bilugan ang titik ng tamang sagot.

- | | | | |
|-------------|---------------|---------------|-------------|
| 1. tulosa. | pangmarka | b. pangmarka | k. pantuwid |
| 2. pisi | a. pangmarka | b. pambutas | k. pantuwid |
| 3. metro | a. pandilig | b. pangmarka | k. pambutas |
| 4. dulos | a. pambutas | b. pambungkal | k. pandilig |
| 5. rigadera | a. pambungkal | b. pandilig | k. pambutas |

2. Pagbabalik-aral: Magbibigay ng limang (5) kagamitan sa paghahanda ng layout na desinyo sa isang halaman.

Hal. Tulos, pala, kalaykay, palang tinidor, atbp.

3. Pagganyak: Meron ba kayong mga kagamitan o kasangkapan sa paghahalaman?

Anu-ano ang mga gamit nito? Ipakita ang ilan sa mga kagamitan.

B. Panlinang na Gawain:

1. Kailangan ng paghahalaman o plant propagation ang mga kasangkapan at kagamitan.

2. Kabutihan ang naidudulot ng paghahalaman o plant propagation.

3. Alamin ang mga kasangkapan o kagamitan tulad ng itak, dulos, pisi (pantali), gunting, lupa at iba pa sa pagsasagawa ng paghahalaman o plant propagation at mga gamit nito.

1. Paglalahad:

1. Gamit ang tsart ng mga kasangkapan at kagamitan ng paghahalaman o plant propagation at alamin ang gamit nito.

TSART NG MGA KASANGKAPAN/KAGAMITAN SA PAGHAHALAMAN

KASANGKAPAN/KAGAMITAN NG PAGHAHALAMAN O PLANT PROPAGATION	GAMIT
1. rigadera	- sa pagdidilig ng mga halaman.
2. kalaykay	- paglalagay ng lupa sa mga pot.
3. pisi/nylon	- pantali sa tanim at iba pa.
4. lupa	- ginagamit sa pagpapalaki ng mga halaman.
5. kutsilyo/ itak	- pagpuputol ng halaman.
6. gunting	- aparato na ginagamit sa paggupit ng mga bagay; paggupit ng halaman.

2. Pagtatalakayan:

Italakay ng maigi ang tsart ng mga kasangkapan/kagamitan ng paghahalaman.

Mga Tanong:

1. Bakit mahalaga na alamin ang mga kasangkapan o kagamitan sa paghahalaman o plant propagation?
2. Hayaang magkaroon ng talakayan ang mga bata tungkol sa mga iba't-ibang kasangkapan o kagamitan sa paghahalaman.
3. Ipaskil sa tsart ang ilan sa mga larawan ng kasangkapan o kagamitan sa paghahalaman o plant propagation.

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat: Anu-ano ang mga kasangkapan o kagamitan sa paghahalaman o plant propagation at gamit nito?
2. Paglalapat: Piliin ang mga kasangkapan o kagamitan sa paghahalaman o plant propagation at paano ito gagamitin.
 - a. kalaykay
 - b. rigadera
 - k. pala
 - d. kutsara
 - e. lupa
 - f. kutsilyo

- g. nylon/tali
- h. dulos
- i. gunting
- j. turnilyo

IV. PAGTATAYA:

**A. Basahin at piliin ang titik sa hanay B at isulat sa patlang ang tamang sagot sa hanay A.
(FOR THE SLOW LEARNER)**

A

B

_____ 1. dulos

A.



_____ 2. rigadera

B.



_____ 3. lupa

C.



_____ 4. Kutsilyo/ itak

D.



_____ 5. gunting

E.



**B. Sumulat ng limang (5) kasangkapan/ kagamitan sa paghahalaman o plant propagation.
(FOR THE FAST LEARNER)**

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

V. TAKDANG-ARALIN:

Maglista ng ibang kasangkapan o kagamitan sa paghahalaman at alamin ang gamit nito na makikita sa inyong bahay.

EPP 6 (Agrikultura)

1ST QUARTER

Lesson 14

I. Layunin:

Naipapakita ang maka-agham na pamamaraan sa pagpapatubo ng bungang kahoy.

(TLE6AG-0d-5)

(Demonstrate scientific ways of propagating fruit-bearing trees)

*Pagkamaparaan

II.A.Paksang-Aralin:

A. Paksa: Kahalagahan ng Pagsunod sa maka-agham na pamamaraan ng pagpapatubo ng bungang kahoy.

B.Sanggunian: K to 12 Grade 6 Curriculum Guide 2016,Google images,www.bing.com

C.Kagamitan: larawan, plaskard

III.Pamamaraan:

A.Panimulang Gawain

1. Pagsasanay:Sagutin kung tama o mali.Ipabasa ang nasa plaskard.

*Ginagamit ang asarol sa lupa pagbubungkal ng lupa.

*Tubigan nang mabuti ang lupa.

*Patagin ang lupa sa pamamagitan ng kalaykay.

*Timba at regadera ang ginagamit sa pagdidlig.

*Samahan ng pataba ang lupa.

2. Balik-Aral: Ipakita ang mga larawan ng kasangkapan sa paghahalaman at ipasabi ang gamit nito.

Halimbawa: dulos ,tulos,gulok,kamang taniman,punla,regadera atbp.

(See attach picture)

3. Pagganyak: Pagbasa ng isang tulang maka-agham.

Karununganaging ginagamit

Sa isipan di mawawaglit

Dahil magbahagi't ninanais

Madalas itong inuulit-ulit

Kaya huwag ipagdaramot

Kaalaming di malilimot.

B.Panlinang na Gawain

1. Paglalahad: Magpakita ng mga larawan gamit ang mga maka-agham na Pamamaraan ng pagpapatubo ng bungang kahoy.(See Attach picture)

Sabihin: Ang pagsunod sa mga panuntunang ito ay mahalaga at mabuti ang pagpapatubo ng bungang kahoy.

2. Pagtatalakay ng guro sa mga maka agham na pamamaraan sa pagpapatubo ng bungang kahoy.

3. Pagsasanay:

- a. mula sa buto-galing sa malusog/magulang na bunga.
- b. paghihiwalay at paghahati-ihwalay sa ibang bahagi ng halaman.
- c. pagpapaugat-sundin ang apat na paraan ng pagpapaugat
- d. pagpuputol-mabilis na pagpaparami ng halaman
- e. Pagsusugpong-pinagdugtong-dugtong ang 2 bahagi ng halaman.

4. Pagpapalalim sa kaalaman

Pangkatin ang mga bata sa 3 grupo. Ang unang pangkat –Magbibigay ng maka-Agham na pamamaraan sa pagpapatubo ng bungang kahoy.

Pangkat II-Magbigay ng pamamaraan sa pagsasagawa nito

Pangkat III-Magbigay Ng kahalagahan sa pagsunod sa maka agham na Pamamaraan sa pagpapatubo ng bungang kahoy.

-Pag-uulat ng bawat grupo at talakayan.

C. Pangwakas na Gawain

1. Paglalahat: Anu-ano ang maka-aghamb na pamamaraan sa pagpapatubo ng bungang Kahoy?
2. Pagbibigay halaga: Dapat bang maging maparaan tayo sa pagpapatubo ng mga Bungang kahoy?

IV. Pagtataya

Tumawag ng bata at ipagawa/ipakita ang ibat-ibang maka-aghamb na pamamaraan sa Pagpapatubo ng bungang kahoy.

V. Takdang-Aralin

Gumuhit ng larawan ng halaman na tumutubo sa iba't-ibang paraan.

EPP 6 (Agrikultura)

1st Quarter

Aralin 16

I. Layunin:

Naisasagawa ng sistematiko at maka-agham na pamamaraan sa pag-aalaga ng orchard trees /punla.(**TLE6AG-0e-6**)

(Performs systematic and scientific ways of caring orchard trees / seedlings)

*Pagiging maunawain at masipag

II. Paksang-Aralin

a. Paksa:

Sistematiko at maka-agham na pamamaraan sa pag-aalaga ng Orchard trees/punla.

b. Sanggunian: K to 12 curriculum guide Grade 6,Agap at sikap ph.93

c. Kagamitan: plaskard, tsart, larawan

III. Pamamaraan

A.Panimulang Gawain

1. Pagsasanay

Basahin ang nasa plaskard na mga salita

Humus Pataba

Abono Organiko

2. Balik-aral

Magtanong:Anu-ano ang mga paraan para sa pagkakaroon malusog at ligtas na pamamaraan sa pagpapatubo ng bungang kahoy?

3. Pagganyak

Ano ang masasabi ninyo kung naririnig o nababasa ang salitang “Pangangalaga ng Halaman”? Itala ng guro ang mga sagot ng mga bata.

Wastong Pamamaraan sa Pag-aalaga ng Orchard Trees/Punla

*Dapat iwasan ang paggalaw sa punla sapagkat ito ay malambot pa madaling maputol.

*Tiyakin na may sapat na halumigmig ang lupa upang matugunan ang pangangailangan ng punla.

*Ilipat ang punla sa paso o bag na plastic.

*Diligan ang tanim

*Tanggalin ang mga damo sa paligid ng halaman

*Alisin ang kulisap na sumisira sa halaman.

*Bungkalin ang lupa sa paligid ng halaman.

*Lagyan ng organikong pataba ang halaman.

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

Magtanong: Anu-ano ang mga punongkahoy /punla ang makikita natin sa halamanan?

Alam ba ninyo kung paano aalagaan ang mga ito?

Talakayin isa-isa ang mga paraang ito.

Pagsasanib

Sabihin: Gaya ng tao ang mga halaman ay kailangan din ang wastong pag-pag-aalaga at dapat nating maunawaan ang pangangailangan ng mga halaman.

Pagpapalalim ng Kaalaman

Tumawag ng bata na magpapakita sa kanyang mga kaklase isa sa

O dalawa sa paraan ng pag-aalaga ng orchard trees/punla

C. Pangwakas na Gawain


1. Paglalahat

Anu-ano ang mga maka-agham na pamamaraan sa pag-aalaga ng halaman?

2. Paglalapat

Dalhin ang mga bata sa halamanan at isagawa ang sistematiko at maka-agham na pamamaraan sa pag-aalaga ng orchard trees/punla.

IV. Pagtataya

Basahin ang tseklist. Lagyan ng  kung nailapat ang iba't-ibang paraan sa pag-aalaga ng orchard trees/punla.

Mga Pamamaraan sa Pag-aalaga ng Orchard Trees/punla	OO	BAHAGYA	HINDI
Naalis ang mga kulisap na sumisira sa halaman?			
Nadagdagan ba ng organikong pataba ang lupa?			
Naipakita ang tamang pagdilig ng halaman			
Nabungkal ang lupa sa paligid ng halaman			
Natanggal o nabunot ang mga damo sa paligid ng halaman			

V. Takdang-Aralin

Magpadala sa mga bata ng 1 punla ng bungang kahoy na maaaring itanim sa halamanan.

EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN (EPP) 6

1ST Quarter - Agrikultura

Lesson 17

I. LAYUNIN:

Natatalakay ang mga benipisyong naidudulot sa paggamit ng mga organikong pataba at lokal na pestisidyo para sa masusuportahang pagpapaunlad. (**TLE6AG-Oe-6-1.6.2**)
(Explains the benefits of using organic fertilizer and locally made pesticides toward sustainable development.)

Pagpapahalaga: PAGKAMASIKAP

II. PAKSANG-ARALIN

- A. Paksa: Pagtatalakay sa mga Benipisyong Naidudulot sa Paggamit ng mga Organikong Pataba at Lokal na Pestisidyo Para sa Masusuportahang Pagpapaunlad
- B. Sanggunian: K TO 12 Grade 6 Curriculum Guide, Google Images, Agap at Sikap 6,ph.72-73, internet (mymemory.translated.net), Pinaghalawan: Q&A on Organic Fertilizer, No.19, PhilRice
- C. Kagamitan: laptop, projector, tsart

III. PAMAMARAAN

- A. Panimulang Gawain
 - 1. Pagsasanay
Basahin ang mga salitang nakasulat sa plskard.
-organikong pataba -lokal na pestisidyo -
masusuportahang pagpapaunlad
-katas ng prutas -katas ng dahon -agrikultura
 - 2. Pagbabalik-aral
Anu-ano ang iba't-ibang paraan ng paggawa ng organikong pataba? Ilarawan ang bawat isa.
 - 3. Pagganyak
Naranasan n'yo na bang mag-alaga ng mga halaman? Kayo ba ay tumutulong sa inyo mga magulang sa pa-aalaga ng mga halaman? Sino sa inyo ang may mga halamanan sa bakuran?
- B. Panlinang na Gawain
 - 1. Paglalahad
Basahin ang talata.
Ang paggamit ng organikong pataba ay isang paraan ng paghahalaman na nakakatulong upang maging maganda ang lupang taniman at ang paglago ng halaman. Ilan sa mga halimbawa ng organikong pataba ay ang "fermented plant juice (FPJ)," "fermented fruit juice (FFJ)," "fish amino acid (FAA)," at "calcium carbonate" (CaCO₃).
Ang pinaasim na katas ng halaman o fermented plant juice (FPJ). Ito ay ang pagpapaasim ng mga ginayat o tinadtad na bahagi ng halaman tulad ng mga

dahon, damo, buko ng bulaklak at prutas. Sa Pilipinas ang karaniwang ginagamit na halaman ay kangkong, kamoteng baging at mga dahon ng kakawate. Ang 2 kutsara na FPJ ay inilalagay sa isang litro ng tubig at ibinobomba sa halaman o ibinabasang mabuti sa lupa. Ito ay nagtataglay ng hormon na nagpapasigla sa mga kapaki-pakinabang na mga mikroorganismo na nakatutulong sa paglaki ng halaman.

Ang pinaasim na prutas o fermented fruit juice (FFJ). Ito ay inihahanda tulad ng FPJ. Ang mga bagay na ginagamit ay balat ng prutas, sobra sa hinog na mga saging, papaya, pakwan o pinya. Ginagamit ito na pambomba sa dahon ng halaman upang mapabuti ang kalidad ng prutas. Karaniwan na ito ay ginagamit sa panahon ng pamumulaklak at pamumunga ng halaman.

Ang Fish amino acid (FAA) ay mahusay na mapagkukunan ng nitroheno para sa mga halaman at maaaring magamit na suplemento sa kompost at dumi ng hayop, tulad ng dumi ng manok. Mainam itong gamitin sa lugar na malapit sa dagat na mapagkukunan ng mga isda at ibang parte nito tulad ng hasang at bituka.

Ang calcium carbonate (CaCO₃) ay mula sa balat ng itlog. Tumatagal ang CaCO₃ sa imbakan ng hanggang isang taon. Ito ibomba sa mga dahon ng halaman o ibasa sa lupa lalo na sa panahon ng pamumulaklak upang bumuti ang buko at kalidad ng bunga. (**Bengie P. Gibe, S&T Media Service**)

Ang mga benepisyong makukuha sa paggamit ng organikong pataba ay ang mga sumusunod: (1)sa mga mabuhanging lupa, ito ay nagpapataas sa kakayahan ng lupa na manatiling mahalumigmig o basa na siyang nagiging dahilan para maging madali sa mga ugat na makakuha ng sustansiya. Subali't, sa mga bahaing lupa, hindi ito nangyayari, (2)Nagpapataas ng populasyon ng mga organismong tumutulong sa mahusay na pagpapalit-anyo ng pataba sa lupa, mula anyong organiko hanggang maging anyong maaari nang magamit ng halaman, (3) Kung sa mga kamang punlaan ginamit, mas madali ang pagbunot sa mga punlang halaman, at (4) Pinananatili nito ang pagiging mataba ng lupa.

2. Pagtatalakay

Ano ang organikong pataba?

Anu-ano ang halimbawa ng organikong pataba?

Anu-ano ang mga benepisyong makukuha mula sa paggamit ng organikong pataba?

Paano ito nakakatulong sa mga tao?

Paano ito nakakatulong tungo sa masusuportahang pag-unlad (sustainable development)?

Kung ikaw ang pagpipiliin, ano ang gusto mong gamiting pataba at pestisidyo, organiko o sentitiko? Bakit?

(Ang organikong pataba ay maaari ring gawin kahit sa mga bata. Ang mga nalalagas na dahon ay maaaring ipunin at hayaang mabulok ito hanggang sa pwede na itong gamitin.)

3. Pagpapalalim sa kaalaman

Pangkat 1: Magtala ng iba't-ibang uri ng organikong pataba at lokal na pestisidyo.

Pangkat 2: Isulat ang mga benipisyong naidudulot sa paggamit ng organikong pataba at lokal na pestisidyo.

Pangkat 3: Paano nakakatulong ang paggamit ng organikong pataba at lokal na pestisidyo tungo sa masusuportahang pagpapaunlad (sustainable development)? (Ipaulat sa mga bata ang kanilang gawa)

C. Pangwakas na Gawain

1. Paglalahat

Anu-ano ang mga benipisyong naidudulot ng paggamit ng organikong pataba at lokal na pestisidyo para sa masusuportahang pagpapaunlad (sustainable development)?

2. Paglalapat

Sagutin ang tanong?

Kung ikaw ay may halamanan sa iyong bakuran, ano ang gagamitin mong pataba?

IV. PAGTATAYA

Panuto: Talakayin at ipaliwanag nang maigi ang iyong sagot sa sumusunod na mga tanong. (Rubrics Scoring)-10pts.

Bakit mabuti at mainam na gamitin ang organikong pataba at lokal na pestisidyo? Ano ang magagawa nito para makamit ang *sustainable development*?

V. TAKDANG – ARALIN

Alamin ang mga halamang inaalagaan ng iyong mga kapitbahay. Itanong kung anong uri ng pataba ang kanilang ginamit.

EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN (EPP) 6

1st Quarter

(Lesson 18)

I. LAYUNIN:

- Nasusunod ang mga pangkalusugan at pangkaligtasang pamantayan sa paggawa ng mga pataba at organikong pamatay peste (**TLE6AG-Od-5**) (Observes healthy and safety measures in formulating fertilizer and organic pesticides)

Pagiging maingat para sa sariling kaligtasan

II. PAKSA:

- A. Paksang Aralin:** Pagsunod sa mga Pangkalusugan at Pangkaligtasang Pamamaraan sa Paggawa ng mga Pataba at mga Organikong Pamatay Peste
- B. Sanggunian:** K to 12 Curriculum Guide in Gr. 6, HELE 6 p.173
- C. Kagamitan:** props para sa dula-dulaan, plaskard, tsart

III. A. PANIMULANG GAWAIN

- 1. Pagsasanay:** Ipabasa ang ss. na mga salita sa plaskard:
organiko pamatay peste panyo
pataba gwantes pamantayan
- 2. Balik-aral:** Ano ang dalawang uri ng pataba? (organiko at di-organiko)
- 3. Pagganyak:** Itanong: “Alam nyo ba ang mga posibleng epekto ng mga pataba at pamatay peste sa ating katawan at maging sa lupa?
“May magagawa pa ba tayo para maiwasan ang di-mabuting epekto ng mga ito?”

B. PANLINANG NA GAWAIN

- 1. Paglalahad:** Dahil sa di-mabuting dulot ng mga pataba at pamatay peste, hinihikayat ang mga magsasaka na gumamit ng organikong paraan. Sa aralin natin ngayon, tatalakayin natin ang mga pangkalusugan at pangkaligtasang pamantayan sa paggawa ng organikong pataba at pamatay peste.
- 2. Pagtatalakay:**
 - **Mga Pangkalusugan at Pangkaligtasang Pamantayan sa Paggawa ng mga Pataba at Organikong Pamatay Peste:**
 - a. Magsuot ng gwantes. Sa ganitong paraan, hindi mapunta sa kamay ang mga dumi o mikrobyong dala ng iba’t ibang bagay na gagamitin sa paggawa ng pataba at pamatay peste.

- b. Takpan ang ilong ng malinis na panyo o di kaya'y gumamit ng "mask" kung kinakailangan.
- c. Tiyaking nasusunod nang tama ang mga paraan sa paggawa ng organikong pataba at pamatay peste.
- d. Pagkatapos, hugasang mabuti ang mga kamay gamit ang sabon at tubig.

3. Pagpapalalim sa kaalaman:

- Pangkatin ang klase batay sa dami ng mag.aaral at paghandain sa isang dula-dulaan na nagpapakita ng mga pamantayang pangkalusugan at pangkaligtasan sa paggawa ng organikong pataba at pamatay peste.

C. PANGWAKAS NA GAWAIN:

1. Paglalahat

- Sabihin: "Ibigay ang mga pamantayang pangkalusugan at pangkaligtasan sa paggawa ng pataba at organikong pamatay peste.


2. Paglalapat: Lagyan ng tsek (/) ang bilang kung ang magsasaka ay sumusunod sa pangkalusugan at pangkaligtasang pamantayan sa paggawa ng pataba at pamatay peste.

- _____ 1. Kumakamot sa mukha habang gumagawa ng pataba.
- _____ 2. Nagsuot ng "mask" dahil sa amoy ng nalalantang mga organikong bagay.
- _____ 3. Nagsuot ng gwantes habang gumagawa.
- _____ 4. Kulang ng isang sangkap ang pamatay peste dahil nakalimutan niya.
- _____ 5. Naghugas siya ng kamay gamit ang tubig.

IV. PAGTATAYA:


Panuto: Punan ang patlang ng tamang salita para mabuo ang pangungusap na nagpapakita ng pagsunod sa mga pamantayang pangkalusugan at pangkaligtasan sa paggawa ng organikong pataba at pamatay peste.

- 1. Sa paggawa ng pataba at pamatay peste, takpan ang ilong ng mask o malinis na





kung kinakailangan.


- 2. Tiyaking nasusunod nang tama sa paggawa.



ang mga

3-4.
ang mga  Magsuot ng upang hindi mapunta sa kamay

 o mikrobyong dala ng iba't ibang bagay na ginagamit sa paggawa ng pataba o pamatay peste.

5.  Maghugas ng pagkatapos ng paggawa.

V. TAKDANG ARALIN:

- Magtala ng iba pang pwdeng idagdag sa mga pamantayan sa paggawa ng organikong pataba at pamatay peste. Magtanong sa mga magsasaka o sa mga taong mahilig sa pagtatanim.

EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN (EPP) 6

1ST Quarter - Agrikultura

Lesson 21

I. LAYUNIN:

Nakapagpapalano ng mga istratehiya sa pagbebenta. **(TLE6AG-Of-7-1.7.3)**
(Plans marketing strategy to be used in selling.)

Pagpapahalaga: PAGKAMASINOP

II. PAKSANG-ARALIN

- A. Paksa: Pagpapalano ng mga Istratehiya sa Pagbebenta
- B. Sanggunian: K TO 12 Grade 6 Curriculum Guide, LM sa EPP 4, ph. 384
- C. Kagamitan: tsart, plaskard, *activity card*

III. PAMAMARAAN

A. Panimulang Gawain

1. Pagsasanay

Basahin ang mga salitang nakasulat sa plaskard.

-pagbebenta -punla -istratehiya
-pagpapalano -pagkamasinop

2. Balik-aral

Kailan natin masasabi na ang isang punla o halaman ay handa nang ibenta?

3. Pagganyak

Gusto n'yo bang magkaroon ng sariling kita o negosyo? Sa tingin n'yo ba ay magagawa ninyo ito kahit sa murang edad ninyo?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

Tingnan ang bahagi ng payak na plano sa pagbebenta.

I. Mga Layunin

- 1. Nasusunod ang mga wastong paraan ng pagbebenta.
- 2. Naipapakita ang kasiyahan sa nagbebenta.
- 3. Nakapagbebenta ng mga *orchard trees*/punla.

II. Titulo ng Gawain – Pagbebenta ng *Orchard Trees* / Punla

Mga Kagamitan:

Mga orchard trees / punla
Presyo ng mga halaman
Lalagyan ng mga halaman
Mga iba pang kagamitan

III. Pamamaraan

A. Paghahanda

- 1. Pagpili kung saang lugar magbebenta.

2. Paghahanda ng mga kagamitan.
3. Pagsasaayos ng mga paninda.
4. Pagbubukod-bukurin ang mga magkakauri.

B. Paghahanda ng mga Paninda

1. Paglilinis ng paninda
2. Pagtatala
3. Iba pang Gawain ayon sa pangangailangan

2. Pagtatalakay

Anu-ano ang tatlong bahagi ng plano sa pagbebenta?

Ang unang bahagi ay ang layunin. Nakasaad dito kung ano ang gustong makamit o mangyari sa taong nagbebenta at ang dapat gawin ng nagbebenta upang maakit ang mga tao na bumili ng kanyang paninda.

Ang ikalawang bahagi ay ang titulo ng Gawain. Dito nakasulat kung ano ang ibebenta at ang mga kagamitang kailangan sa pagbebenta.

Ikatlong bahagi ay ang pamamaraan. Ito ay binubuo ng dalawang bahagi – ang paghahanda at paghahanda ng paninda. Sa paghahanda, dito nakasulat target na lugar kung saan magbebenta, paghahanda ng kagamitan, pagsasaayos ng mga paninda, at pagbubukod-bukod ayon sa uri ng paninda. Sa paghahanda ng mga paninda, dapat nakasaad dito na linisin ang paninda, itala ang mga paninda kung ilan lahat ito para sa maayos at madaling pag-iimbentaryo, at isulat din ang iba pang Gawain ayon sa pangangailangan.

Sabihin: Ang plano ng Gawain ay isang mabuting gabay sa paggawa upang makatiyak na magiging matagumpay ang gawain.

3. Pagpapalalim sa Kaalaman

(Pangkatin ang mga bata sa tatlo)

Pumili ng lider sa bawat grupo, kalihim at taga-ulat. Gumawa ng komprehensibong plano para sa pagbebenta. (Ang mga bata ay malayang pumili kung anong uri ng paninda o produkto ang kanilang gagawan ng plano. Bigyan ng 10 minuto para magawa nila ito. Pagkatapos ay ipaulat ito sa klase.)

C. Pangwakas na Gawain

1. Paglalahat

Ilang bahagi mayroon ang isang plano ng pagbebenta?

Anu-ano ang mga ito?

Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng plano?

2. Paglalapat

Gumawa ng plano sa pagbebenta ng iyong gustong produkto o halaman na ititinda. (Individual Output)